

IKa-26 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Santa Teresita ng Sanggol na si Jesus

Salmo 27:7-8a, 8b-9abk, 13-14

Makikita ang Maykapal sa kanyang lupang hinirang.



Huwebes
01 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Job 19:21-27

Mahabag sa akin, mga kaibigan, mahabag kayo, pagkat hinampas ako ng kamay ng Diyos. Bakit ninyo ako tinutugis na gaya ng Diyos? Hindi ba busog na kayo sa laman ko? Kung nasa aklat lang ang mga salita ko!

Kung sa tanso lamang nakaukit ang mga iyon; o naititik ng bakal sa tingga, o naiukit magpakailanman sa bato! Batid kong nabubuhay ang aking Manunubos, at sa wakas titindig siya nang huli sa lupa. Makatatayo ako sa likod ng balat ko, Kahiman nasa laman ako'y makikita ko ang Diyos. Makikita siya ng sarili kong mata – siya at walang iba. Sabik na sabik ako!

Ebanghelyo: Lucas 10:1-12

Pagkatapos nito, humirang ang Panginoon ng iba pang pitumpu't dalawa at isinugo silang dala-dalawa na mauna sa kanya sa bawat bayan at lugar na takda niyang puntahan. Sinabi niya sa kanila: "Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa; idalangin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani. Lumakad na kayo. Isinusugo ko kayong parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat.

Huwag kayong magdala ng pitaka, bag o mga sandalyas. At huwag ninyong batiin ang sinuman sa daan.

Saanmang bahay kayo pumasok, sabihin muna ninyo: 'Mapasatahanang ito ang kapayapaan!' Kung mapayapang tao ang naroon, sasakanya ang inyong kapayapaan. Kung hindi'y magbabalik sa inyo ang inyong dasal. At sa bahay na iyon kayo manatili; kumain kayo at uminom na kasalo nila sapagkat may karapatan ang manggagawa sa kanyang sahod. Huwag kayong magpapalalit-palit ng bahay.

Saanmang bayan kayo pumasok at tanggapin nila kayo, kanin ninyo anumang ihain sa inyo. Pagalingin din ninyo ang mga maysakit doon at sabihin ninyo sa kanila: 'Palapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos.'

Saanmang bayan kayo pumasok at di nila kayo tanggapin, lumabas kayo sa mga liwasan nito at inyong sabihin: 'Pati na alikabok mula sa inyong bayan na kumapit sa aming mga paa ay ipinapagpag namin sa inyo. Gayunman, alamin ninyong palapit na ang kaharian ng Diyos.' Sinasabi ko sa inyo na magaan pa ang sasapitin ng mga taga-Sodom kaysa bayang iyon sa dakilang Araw.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Wilfredo F. Estraza, CP

DATE OF ESTABLISHMENT: 1995, Sacred Heart of Jesus Parish

Pagmamasiid

Sa ating Simbahan, marami ba ang kailangan gawin, ngunit kakaunti ang mga manggagawa?

Paghahawi

Pahayag ni Jesus "Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa; idalangin ninyo sa Panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani. Lumakad na kayo."

Pagtatabas

Handa ba akong magbigay ng aking sarili upang maging manggagawa ng Panginoon?

Pagsasaayos

Hindi kaya ng nag-iisang kura paroko na tugunan ang lahat ng pangangailangan ng maraming tao sa ating parokya. Tinatawag tayo ni Jesus na tumulong tayo sa mga gawain ng parokya, at ibahagi natin ang ating panahon, kakayahan, at yaman, nang hindi natin pinababayaan ang mga tungkulin natin sa ating pamilya. Ipanalangin at sikapin natin na makahanap tayo ng panahon sa pag-aaral, pagsasabuhay, at pagbabahagi ng mga turo at aral ni Jesus at nang makatulong sa mga nangangailangang kapwa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming mapasama sa mga manggagawa na magpapalaganap ng aming pananampalataya sa Banal na Santatlo sa aming kapwa.



**IKA-26 NA LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Mga Banal na Anghel na Tagatanod

Salmo 139:1-3, 7-8, 9-10, 13-14ab

*Poon, ako ay samahan
sa buhay na walang hanggan.*

Unang Pagbasa:

Job 38:1, 12-21; 40:3-5

Sinagot ni Yawe si Job mula sa unos: Nakapag-utos ka na ba sa umaga, o naipakita mo sa liwayway ang lugar nito, upang mahawakan nito ang gilid ng lupa at malayas ang masasama?

Saka magtataglay ang lupa ng kulay ng putik at matitina na tulad ng damit. Ang tampalasa'y pagkakaitan ng liwanag, at dudurugin ang kanilang palalong bisig.

Nalakbay mo ba ang pinagmumulan ng dagat o nalakaran ang pusod ng kalaliman? Naipakita ba sa iyo ang pintuan ng kamatayan?

Nakita mo ba ang pintuan ng Anino? Batid mo na ba ang luwang ng lupa? Sabihin mo, kung alam mo ang kabuuan nito. Saan ang daan tungo sa tirahan ng liwanag, at saan naninirahan ang karimlan?

Maihahatid mo ba sila sa kanilang hangganan, at malalaman ang landas sa kanilang bahay? Alam mo. Una kang sumilang sa kanila, at kaylaki ng bilang ng iyong mga taon!

Tumugon si Job: Paano makasasagot akong mali! Tututupin na lamang ang aking bibig. Minsang nagsalita, ngayo'y di ako sasagot; a, makalawa pala, pero ayaw ko na.

Ebanghelyo: Mateo 18:1-5, 10

Nang panahong iyon, lumapit kay Jesus ang mga alagad at tinanong nila siya: "Sino ang mas una sa kaharian ng Langit?"

Tinawag ni Jesus ang isang maliit na bata at ipinagitna sa kanila, at sinabi: "Sinasabi ko sa inyo na hanggang hindi kayo nagbabago at nagiging katulad ng maliliit na bata hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Langit. Ang nagpapakababa gaya ng maliit na batang ito, siya ang pinakamalaki sa kaharian ng Langit. At ang sinumang tumanggap sa batang ito dahil sa aking pangalan ay tumanggap sa akin.

Huwag sana ninyong hamakin ang isa sa maliliit na ito; talagang sinasabi ko sa inyo na laging nasa harap ng aking Ama sa Langit ang kanilang mga anghel sa Langit.

Pagmamasid

Mayroon ka bang natutunan sa mga kilos ng mga mabuting bata sa iyong paligid?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: "Ang nagpapakababa gaya ng maliit na batang ito, siya ang pinakamalaki sa kaharian ng Langit. Ang sinumang tumanggap sa batang ito dahil sa aking pangalan, ay tumanggap sa akin."

Pagtatabas

Nagpapakababa ba ako gaya ng maliliit na bata? Tinatanggap ko ba sila sa pangalan ni Jesus?

Pagsasaayos

Ang kababaang-loob, pagtitiwala at pagkamasunurin ng maliit na bata sa magulang ang nararapat nating tularan sa ating ugnayan sa Diyos. Si Jesus, masunurin sa Ama hanggang sa kamatayan sa Krus. Ang kababaang-loob, tulad ng paghingi ng tawad sa anumang pagkukulang magdudulot ng kapayapaan sa ugnayan sa kapwa. Kalakip ng tapat na pagmamahal sa Diyos ang pagtitiwala na ang kalooban Niya ang pinakamabuti sa atin.

Pagdiriwang

Ama, turuan Niyo kaming magpakumbaba sa aming kapwa sa pang-araw-araw na buhay.

IKa-26 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 119:66, 71, 75, 91, 125, 130

Tumanglaw ka sa likod mo at pagpalain mo ako.



Sabado
03 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Job 42:1-3, 5-6, 12-17*

Ebanghelyo: Lucas 10:17-24

Tuwang-tuwang nagbalik ang Pitumpu't dalawa at ang sabi: "Panginoon, mga demonyo ma'y sumuko sa amin dahil sa iyong pangalan." Sinabi naman ni Jesus: "Nakita kong bumagsak na parang kidlat si Satanas mula sa langit. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihang yumapak sa mga ahas at alakdan. Masusupil ninyo ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway, at walang anumang makapipinsala sa inyo. Subalit magalak kayo hindi dahil sa pagsuko sa inyo ng mga espiritu kundi sapagkat nasusulat sa langit ang inyong mga pangalan."

Nang sandaling iyo'y nag-umapaw sa galak sa Espiritu Santo si Jesus at sinabi niya: "Pinupuri kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at ipinamulat mo naman sa maliliit. Oo, Ama, naging kalugud-lugod ito sa iyo. Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala kung sino ang Anak kundi ang Ama, at kung sino ang Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak."

Pagkatapos ay bumaling si Jesus sa mga alagad at sinabi sa kanila nang sarilinan: "Mapalad ang mga matang nakakakita ng inyong nakikita. Sinasabi ko sa inyo na maraming propeta at hari ang nagnais makita ang inyong nakikita pero hindi nila nakita, at marinig ang inyong naririnig pero hindi nila narinig."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Rudy M. Tulibao

Pagmamasisid

Iba ang turing ng lipunan sa mga marunong at matalino, kumpara sa mga maliliit.

Paghahawi

Tuwang-tuwang nagbalik ang Pitumpu't dalawa, at ang sabi: "Panginoon, mga demonyo, ma'y sumuko sa amin dahil sa iyong pangalan."...Nang sandaling iyo'y nag-umapaw sa galak sa Espiritu Santo si Jesus at sinabi niya: "Pinupuri kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at ipinamulat mo naman sa maliliit. Oo, Ama, naging kalugud-lugod ito sa iyo."

Pagtatabas

Ano ang aking pananaw sa sinabi ni Jesus tungkol sa mga bagay na inilihim ng Ama sa marunong at matalino, ngunit ipinamulat sa maliliit?

Pagsasaayos

Karaniwan, mas pinapahalagahan ng lipunan ang mga taong marunong at matalino kaysa sa mga itinuturing na "maliliit." Sila ang kadalasang nakakamit ng mataas na antas ng edukasyon, mataas na posisyon, at malaking sweldo. Subalit kabaligtaran ang pagpapahalaga ng Diyos: sa halip na sa marurunong, ibinubunyag Niya ang tunay na karunungan sa mga maliliit—yaong mapagpakumbaba at bukas sa Kanyang kalooban.

Marami sa mga marunong o matalino ang labis ang tiwala sa sarili at kulang sa kababaang-loob, isang mahalagang katangian sa pagpasok sa kaharian ng Diyos. Isang halimbawa nito si Santa Faustina Kowalska ng Poland, isang simpleng madre na hindi nakatapos ng ikatlong baitang sa elementarya. Gayunman, siya ang pinili ni Jesus upang ipahayag ang malalim na mensahe ng Kanyang awa—mga pahayag na personal na itinuro at ipinatalâ sa kanya ng Panginoon.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa pagtutuwid Niyo ng aming pananaw, na pahalagahan ang maliliit sa lipunan, dahil malapit sila sa puso Niyo ni Jesus.



Unang Pagbasa: Isaias 5:1-7

Nais kong awitin para sa aking mahal ang
awit ng pag-ibig tungkol sa kanyang ubasan.

Sa matabang libis ng isang burol, may isang ubasan ang aking mahal.

Hinukay niya iyon at inalisan ng bato, at tinamnan ng pinakamahusay na mga sanga. Nagtayo siya roon ng bantayan, at humukay ng pisaan ng ubas. Umasa siyang aani ng ubas, pero wala – mapaklang ubas lamang!

Halikayo, mga taga-Jerusalem, at mga kalalakihan ng Juda, hatulan ninyo kami ngayon ng aking ubasan.

Ano pa ang puwede kong gawin na di ko ginawa sa aking ubasan? Umasa akong aani ng ubas, pero wala – mapaklang ubas lamang!

Sasabihin ko sa inyo ngayon ang gagawin ko sa aking ubasan: aalisin ko ang bakod niyon, at iyo'y susunugin; gigibain ko ang pader niyon at iyo'y aapak-apakan.

Pababayaan ko iyon at di aasikasuhin, hindi ko puputulan ni bubungkalin, hahayaan kong tubuan ng dawag at tinik. Uutusan ko rin ang mga ulap na huwag nang maghatid ng ulan doon.

Ang ubasan ni Yawe ng mga Hukbo ay ang bayan ng Israel, at ang mga taga-Juda naman ang kanyang masarap na halaman. Naghanap siya ng katarungan, ngunit suhol ang natagpuan; naghanap siya ng pagkamatuwid, ngunit daing ng kaapihan ang narinig.

Ikalawang Pagbasa: Filipos 4:6-9

Kaya huwag kayong mabalisa; sa halip ipakita ninyo sa Diyos ang lahat ninyong mga hinihingi sa panalangin at dasal na taglay ang pagpapasalamat. Sa gayon ang kapayapaan ng Diyos, na higit pa sa maiisip ay mag-iingat sa inyong mga puso at isipan kay Kristo Jesus. Bukod dito, mga kapatid, piliin ninyo ang lahat ng totoo, dakila, makatarungan, dalisay, kaibig-ibig at marangal, ang anumang dapat hangaan at purihin. Isagawa ninyo ang inyong natutuhan at natanggap, ang narinig at nakita ninyo sa akin. At sasainyo ang Diyos na mapayapa.

Ebanghelyo: Mateo 21:33-43

Making kayo sa isa pang halimbawa: *May isang may-ari ng bahay na nag-tanim ng ubasan; binakuran ang paligid nito, humukay para sa pisaan ng ubas, at nagtayo ng toreng bantayan. Pinaupahan niya ang ubasan sa mga magsasaka at naglakbay sa malayo. Nang malapit na ang panahon ng anihaan, pinapunta ng may-ari ang kanyang mga katulong sa mga magsasaka para kubrahin ang kanyang bahagi sa ani. Ngunit sinunggaban ng mga magsasaka ang kanyang mga katulong, binugbog ang isa, pinatay ang iba at binato ang ilan.*

Nagpadala uli ang may-ari ng marami pang katulong pero ganoon din ang ginawa ng mga magsasaka sa kanila.

Sa bandang huli, ipinadala na rin niya ang kanyang anak sa pag-aakalang 'lgagalang nila ang aking anak.' Ngunit nang makita ng mga magsasaka ang anak, inisip nilang 'Ito ang tagapagmana. Patayin natin siya at mapapasaatin ang kanyang mana.' Kaya sinunggaban nila siya, at pinalayas sa ubasan at pinatay.

Ngayon, pagdating ng may-ari ng ubasan, ano ang gagawin niya sa mga magsasaka?" Sinabi nila sa kanya: "Hindi niya kaaawaan ang masasamang taong iyon; pupuksain niya ang mga iyon at pauupahan ang ubasan sa ibang magsasakang magbibigay ng kanyang kaparte sa anihan."

At sumagot si Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? '*Naging panulukang bato ang tinanggihan ng mga tagapagtayo. Gawa ito ng Panginoon; at kahanga-hanga ang ating nakita.*' Kaya sinasabi ko sa inyo: aagawin sa inyo ang kaharian ng Diyos at ibibigay sa isang bayang makapagpapalago nito.



"Aagawin sa inyo ang kaharian ng Diyos at ibibigay sa isang bayang makapagpapalago nito."

BIRTHDAY: Most Rev. Roberto O. Gaa, D.D

Pagmamasiid

Ano ang mga kaya nating palaguin?

Paghahawi

Winika ni Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? '*Naging panulukang bato ang tinanggihan ng mga tagapagtayo. Gawa ito ng Panginoon; at kahanga-hanga ang ating nakita.*' Kaya sinasabi ko sa inyo: aagawin sa inyo ang kaharian ng Diyos, at ibibigay sa isang bayang makapagpapalago nito."

Pagtatabas

Para sa mga nagbubunga ang kaharian ng Diyos. Kabilang ka ba sa kanila?

Pagsasaayos

Sa talinghaga ng ubasan, pinaalalahanan tayo ni Jesus na hindi nasusukat sa dami ng ritwal ang tunay na pananampalataya, kundi sa bunga ng ating buhay. Bilang mga Pilipinong Katoliko, napakarami na nating natanggap—binyag, misa, aral. Kaya ang tanong ni Jesus: "Nagbubunga ba ito ng kabutihan, katarungan, at pag-ibig?"

Nasa ating bayan ang ubasan ng Diyos. Tayo ang mga katiwala. Huwag nating sayangin ang tiwala ng Diyos. Sa bawat araw, piliin nating mamuhay nang may pananagutan, may malasakit, at may tunay na pagsunod sa Kanyang kalooban.

Pagdiriwang

Ama, tibayan Niyo ang aming pananampalataya, at tulongan Niyo kaming mapalago ito sa buong bansa, sa pamamagitan ng pamumuhay na maka-Diyos at maka-kapwa.

Lunes
OKTUBRE

05



IKA-27 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)

Santa Maria Faustyna Kowalska

Salmo 111:1b-2, 7-8, 9 at 10k

Pangako ng Poon nati'y
lagi nating gunitain.

Unang Pagbasa: Galasya 1:6-12

Ebanghelyo: Lucas 10:25-37

May tumindig na isang guro ng Batas para subukin si Jesus. Sinabi niya: "Guro, ano ang gagawin ko para makamit ang buhay na walang hanggan?" Sumagot sa kanya si Jesus: "Ano ba ang nasusulat sa Batas, at paano mo ito naiintindihan?" Sumagot ang guro ng Batas: "*Mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso at nang buo mong kaluluwa at nang buo mong lakas at nang buo mong pag-iisip. At nasusulat din naman: Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.*"

Noo'y sinabi ni Jesus sa kanya: "Tama ang sagot mo. Gawin mo ito at mabubuhay ka." Pero gustong mangatwiran ng guro ng Batas kaya sinabi niya kay Jesus: "At sino naman ang aking kapwa?" Sinagot siya ni Jesus: "May isang taong bumaba mula sa Jerusalem papunta sa Jerico at nahulog siya sa kamay ng mga tulisan. Hinubaran siya ng mga ito at binugbog at saka iniwang halos patay

na. Nagkataon namang may isang paring pababa rin sa daang iyon. Pagkakita sa kanya, lumihis ito ng daan. Gayundin naman, may isang Levitang napadaan sa lugar na iyon; nang makita siya'y lumihis din ito ng daan.

Pero may isang Samaritano namang naglalakbay na napadaan sa kinaroroonan niya; pagkakita nito sa kanya, naawa ito sa kanya. Kayat lumapit ito, binuhusan ng langis at alak ang kanyang mga sugat at binendahan. Isinakay nito ang tao sa sarili niyang hayop at dinala sa isang bahay-panuluyan at inalagaan. Kinabukasan, dumukot ang Samaritano ng dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi: 'Alagaan mo siya; sasagutin ko ang anumang karagdang gastos pagbalik ko.'

At sinabi ni Jesus: "Sa palagay mo, sino sa tatlong ito ang naging kapwa sa taong nahulog sa kamay ng mga tulisan?" Sagot ng guro: "Ang nagdalang-habag sa kanya." Kaya sinabi ni Jesus sa kanya: "Humayo ka't ganoon din ang gawin."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Miguelito G. Lagrimas

Pagmamasid

Naipasa ba ng ating mga magulang sa atin ang dalawang pinakamahalagang utos ng Diyos?

Paghahawi

Sabi ni Jesus: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, kaluluwa, lakas, at pag-iisip. At ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."

Pagtatabas

Paano ko isinasabuhay ang utos na mahalin ang Diyos at kapwa?

Pagsasaayos

Marami mang utos ang ating magulang, may mga gabay silang hindi natin malilimutan. Sa halip na kabisaduhin ang sampung utos, madaling tandaan ang buod ni Jesus: ang lubos na pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Sa dami ng utos sa buhay, ipinapaalala ni Jesus ang pinakapuso ng lahat: ang pagmamahal. Kung tunay kong mahal ang Diyos, makikita ito sa pagmamahal ko sa kapwa—lalo na sa nangangailangan. Sa bawat araw, ito ang hamon: magmahal nang buo, tulad ng Samaritanong hindi nag-atubiling tumulong.

Pagdiriwang

Ama, gabayan N'yo kami sa pag-unawa, pagsasabuhay, at pagbabahagi ng Iyong dalawang mahalagang kautusan. Panatilihin ninyo kaming mapaglingkod at mapagmahal sa Inyo at sa kapwa namin.

IKA-27 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)

San Bruno / Banal na Marie Durocher

Salmo 139:1b-3, 13-14ab, 14k-15

*Poon, ako ay samahan
sa buhay na walang hanggan.*



Martes

06 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Galasya 1:13-24

Nabalitaan nga ninyo ang dati kong pamumuhay sa komunidad Judio at kung paano ko inusig ang Iglesya ng Diyos at sinikap itong puksain. Naging mas masigasig ako kaysa maraming kasinggulang ko sa komunidad-Judio, nang mainit kong ipinaglaban ang mga kaugalian ng aking mga ninuno.

Subalit sa kagandahang-loob ng Diyos, ako'y tinawag niya, siyang nagbukod sa akin bago pa man ako isilang. At nang ikasiya niyang ibunyag sa akin ang kanyang Anak, upang maipangaral ko siya sa mga bansang di-Judio, hindi ako humingi ng payo kani-numan. Hindi ako umahon sa Jerusalem patungo sa mga apostol na mas una pa sa akin, kundi nagpa-Arabia ako; at muli akong bumalik sa Damasco. At pagkatapos ng tatlong taon, saka ako umakyat sa Jerusalem para dalawin si Kefas, at labinlimang araw akong nanatiling kasama niya. Ngunit hindi ako nakipagkita sa ibang apostol liban kay Jaimeng kapatid ng Panginoon. Sa harap ng Diyos, hindi ako nagsisinungaling sa isinusulat ko sa inyo.

Pagkatapos ay pumunta ako sa rehiyon ng Siria at Cilicia. At hindi pa rin ako kilala sa mukha ng mga iglesya ni Kristo sa Judea; narinig lang nila basta ang sabing: "Ang umusig sa atin noon ang ngayo'y nangangaral ng paniniwalang sinikap niyang puksain noon." At niluwalhati nila ang Diyos dahil sa akin.

Ebanghelyo: Lucas 10:38-42

Sa kanilang paglalakbay, pumasok si Jesus sa isang nayon at pinatuloy siya ng isang babaeng nagngangalang Marta. May kapatid siyang babae na tinatawag na Maria. Naupo ito sa may paanan ng Panginoon at nakikinig sa kanyang salita. Abalang-abala naman si Marta sa mga pagsisilbi kaya lumapit siya at sinabi: "Panginoon, hindi mo ba napapansing pinabayaan ako ng aking kapatid na babae na magsilbing mag-isa? Pakisabi mo naman sa kanya na tulungan ako." Sumagot sa kanya ang Panginoon: "Marta, Marta, abala ka't balisa sa maraming bagay; isa lang naman ang kailangan. Pinili nga ni Maria ang mainam na bahagi na hindi kukunin sa kanya."

Pagmamasisid

Nakikinig ba tayo sa mga payo ng ating magulang at kaibigan, o mas inuuna at pinapahalagahan natin ang mga gawain sa bahay?

Paghahawi

Sabi ni Jesus kay Marta: "Abala ka't balisa sa maraming bagay. Isa lang ang kailangan. Pinili ni Maria ang mainam na bahagi na hindi kukunin sa kanya."

Pagtatabas

Sa dami ng alalahanin at tungkulin, nalilimutan ba natin ang mga paalala ng mga mahal natin sa buhay—at lalo na ang tinig ng Diyos?

Pagsasaayos

Madalas tayong abala sa mga bagay na panlabas at pansamantala. Ngunit ang pakikinig sa Panginoon ang tunay na mahalaga. Sa pakikinig, nauunawaan natin ang Kanyang pag-ibig, naisasabuhay ang Kanyang aral, at nagkakaroon tayo ng ugnayang hindi mawawala—hanggang sa buhay na walang hanggan.

Pagdiriwang

Jesus, turuan N'yo kaming makinig sa Inyong salita, at gampanan ang aming mga tungkulin nang may pagmamahal.



**IKA-27 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

Mahal na Birheng Maria ng Santo Rosaryo

Salmo 117:1bk, 2

*Humayo't dalhin sa tanan
Mabuting Balitang aral.*

Unang Pagbasa: Galasya 2:1-2, 7-14

At pagkatapos ng labing-apat na taon, muli akong umahon sa Jerusalem kasama ni Barnabas, at isinama ko naman si Tito. Umahon ako dahil sa isang pagbubunyag; at inilahad ko sa harap nila (at sarilinan din sa harapan ng mga kinikilala) ang ebanghelyong ipinangangaral ko sa mga di-Judio, dahil baka ako'y tumatakbo o tumakbo nang walang kapararakan.

Sa halip kinilala nila na pinagkatiwalaan ako ng ebanghelyo para sa mga di tuli, gaya ni Pedro para sa mga tuli. Ang nagbigay nga kay Pedro ng kakayahan para sa mga Judio, ay siya ring nagbigay sa akin para sa mga bansang di-Judio.

Kinilala nina Jaime at Kefas at Juan, na kilalang mga haligi, ang misyong bigay sa akin. Ibinigay nila sa akin at kay Barnabas ang kanang kamay ng kasunduan: ang mga bansang di-Judio ang aming pupuntahan, at sila naman sa mga Judio. Lamang ay aalalahanin namin ang kanilang mga dukha, ang bagay na gustung-gusto kong gawin.

Pagkatapos, nang dumating si Kefas sa Antioquia, harap-harapan ko siyang sinalungat dahil sa dapat siyang sisihin. Sapagkat bago dumating ang ilang mga tao mula kay Jaime, kumakain siyang kasalo ng mga di-Judio;

pero pagkarating ng mga ito'y umurong siya at inihiwalay ang kanyang sarili, dahil sa takot sa grupo ng Tuli. At nagkunwari rin ang ibang mga Judio, at kahit na si Barnabas ay natangay rin ng kanilang pagkukunwari. Ngunit nang makita kong hindi sila tapat sa katotohanan ng ebanghelyo, sinabi ko kay Kefas sa harap nilang lahat: "Kung ikaw na isinilang na isang Judio ay nakiugali sa mga di-Judio at hindi sa mga Judio, paano mo maipipilit ngayon sa mga di-Judio ang mga kaugaliang Judio?"

Ebanghelyo: Lucas 11:1-4

Isang araw, nananalangin si Jesus sa isang lugar at pagkatapos niya'y sinabi sa kanya ng isa sa kanyang mga alagad: "Panginoon, turuan mo kaming manalangin kung paanong tinuruan ni Juan ang kanyang mga alagad." At sinabi ni Jesus sa kanila: "Kung mananalangin kayo, sabihin ninyo:

Ama, sambahin ang ngalan mo, dumating ang kaharian mo, bigyan mo kami araw-araw ng pagkaing kailangang-kailangan namin, patawarin mo kami sa aming mga sala; tingnan mo't pinatatawad din namin ang lahat ng may utang sa amin, at huwag mo kaming dalhin sa tukso."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Montecarlo M. Vloria

PARISH FIESTA: Our Lady of the Holy Rosary Parish

DATE OF ESTABLISHMENT: 1986, Our Lady of Lourdes Parish

Pagmamasad

Nagdarasal ka ba?

Paghahawi

Pakiusap ng mga alagad, "Panginoon, turuan mo kaming manalangin..." Sinabi ni Jesus sa kanila: "Kung mananalangin kayo, sabihin ninyo: Ama, sambahin ang ngalan mo, dumating ang kaharian mo, bigyan mo kami araw-araw ng pagkaing kailangang-kailangan namin, patawarin mo kami sa aming mga sala..."

Pagtatabas

Kapag dinarasal natin ang 'Ama Namin', natatanto ba natin ang iba't-ibang bahagi ng isang panalangin, hindi lang ang paghiling?

Pagsasaayos

Sa pananalangin, itinuro ni Jesus kung paano tayo dapat magdasal. Una sa lahat, magbigay papuri at pagsamba sa Diyos, humingi ng tawad sa ating mga kasalanan, magpasalamat sa lahat ng biyayang tinanggap, at sa huli, humingi ng tulong sa Kanya. Huwag puro hingi at daing ang ating pakikipag-usap sa Kanya. Bigyan natin Siya lagi ng papuri, pasasalamat at pagmamahal. Ang dalangin isang ugnayan sa Diyos kahit walang salita.

Pagdiriwang

Ama, nawa ang bawat panalangin namin sa Inyo naaayon sa itinuro ni Jesus sa amin.

IKA-27 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian)

Lucas 1:69-70, 71-72, 73-75

*Poong Diyos ay purihin,
nilingap n'ya ang Israel.*



Huwebes

08 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Galasya 3:1-5

O tangang mga taga-Galasya! Sino ang kumulam sa inyo, na sa inyong mga mata'y lantaran pa namang itinanghal si Jesucristong nakapako sa krus? Iisa lang ang itinatangon ko sa inyo: Tinanggap ba ninyo ang espiritu bunga ng pagtupad sa Batas, o ng pananampalataya sa inyong narinig? Tangang-tanga na ba kayo? Nagsimula na kayo sa espiritu at ngayo'y magtatapos kayo sa laman.

Wala ngang kabuluhan ninyong naranasan ang mga ito – kung talaga ngang mapawawalang-saysay. Nang magkaloob sa inyo ng espiritu ang Diyos at gumawa ng kababalaghan sa inyo, bunga ba ito ng pagtupad sa Batas, o ng pananampalataya sa inyong narinig?

Ebanghelyo: Lucas 11:5-13

Sinabi rin sa kanila ni Jesus: "Ipalagay nating may kaibigan ang isa sa inyo at pinuntahan mo siya sa hatinggabi at sinabi: 'Kaibigan, pahiram nga ng tatlong pirasong tinapay dahil kararating lang mula sa biyahe ng isa kong kaibigan at wala akong maihain sa kanya.' At sasagutin ka siguro ng nasa loob: 'Huwag mo na akong gambalain.

Nakatrangka na ang pinto at nakahiga na kami ng mga bata; hindi na ako maaaring tumayo para bigyan ka.' Sinasabi ko sa inyo, kung hindi man siya bumangon para magbigay dahil sa pakikipagkaibigan, babangon pa rin siya at ibibigay sa iyo ang lahat mong kailangan dahil sa pagpupumilit sa kanya.

Kaya sinasabi ko sa inyo: humingi at kayo'y bibigyan, maghanap at matatagpuan ninyo, kumatok at bubuksan ang pinto para sa inyo. Talaga ngang tumatanggap ang humihingi, nakakatagpo ang naghahanap at pinagbubuksan ang kumakatok.

Sino sa inyo ang amang magbibigay ng ahas sa kanyang anak kung isda at hindi ahas ang hinihingi nito? Sino ang magbibigay ng alakdan kung itlog ang hinihingi? Kaya kung kayo mang masasama'y marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang Ama mula sa langit? Tiyak na ibibigay niya ang banal na Espiritu sa mga hihingi sa kanya."

Pagmamaisid

Ano ang iyong ginagawa kapag mayroon kang gustong bilhin?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Humingi at bibigyan kayo, maghanap at matatagpuan ninyo, kumatok at bubuksan ang pinto para sa inyo. Talaga ngang tumatanggap ang humihingi, nakakatagpo ang naghahanap, at pinagbubuksan ang kumakatok."

Pagtatabas

Ginagawa mo ba ang payo ni Jesus na kapag may kailangan, humingi, maghanap, at kumatok ng may pananampalataya?

Pagsasaayos

Kapag may kailangan tayo, karaniwan tayong lumalapit sa magulang. Ngunit sa mga sandaling walang malapitan, ang Diyos ang ating sandigan. Mapagbigay siya at tapat. Hindi man agad dumating ang sagot, magtiwala tayong darating ito sa tamang panahon at paraan.

Pagdiriwang

Ama, pagkalooban Niyo kami ng tiyaga at tiwala sa Inyong pagmamahal at awa sa amin.

Biernes
OKTUBRE
09



IKA-27 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Pula/Puti)
*San Dionisio at mga kasama /
San Juan Leonardo*

Salmo 111:1b-2, 3-4, 5-6
*Pangako ng Poon nati'y
lagi nating gunitain.*

Unang Pagbasa: Galasya 3:7-14*

(...) Nakinikinita ng Kasulatan na bibigyang kabanalan ng Diyos ang mga bansang di-Judio sa pamamagitan ng pananampalataya. Ipinangako nga kay Abraham sa simula na: *Pagpapalain ang lahat ng mga bansa sa iyo. Kaya pinagpapala ang mga may pananampalataya kasama ng sumasampalatayang si Abraham. Nasa ilalim naman ng isang sumpa ang lahat ng kumakapit sa mga gawa ng Batas; nakasulat nga na Isinumpa ang lahat ng hindi nagtitiyaga sa lahat ng nakasulat sa aklat ng batas at nagsagawa ng mga ito. (...)*

Ebanghelyo: Lucas 11:15-26

Ngunit sinabi ng ilan sa kanila: "Pinalalayas niya ang mga ito sa tulong ni Beelzebul na pinuno ng mga demonyo." Gusto naman ng iba na subukin si Jesus at humingay sila sa kanya ng isang tanda galing sa langit.

Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya sinabi niya sa kanila: "Mabubuwal ang bawat kahariang nagkakahati-hati at magigiba roon ang mga sambahayan. Ngayon, kung nagkakahati-hati si Satanas, paano magtatagal ang kanyang kaharian? Di nga ba't sinasabi ninyo na nagpapalayas ako ng

mga demonyo sa tulong ni Beelzebul? Kung sa pamamagitan ni Beelzebul ako nagpapalayas ng mga demonyo, paano naman napalalayas ng inyong mga kaanib ang mga ito? Sila mismo ang nararapat sumagot sa inyo.

Sa daliri ng Diyos ako nagpapalayas ng mga demonyo kaya sumapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos. Kung sandatahang binabantayan ni Malakas ang kanyang palasyo, hindi magagambala ang kanyang mga pag-aari. Pero kung salakayin siya ng mas makapangyarihan sa kanya at talunin siya, maaagaw nito ang kanyang mga armas na kanyang inasahan at ipamamahagi ang kanyang mga ari-arian. Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin, at ang hindi nagtitipong kasama ko ay nagpapangalat.

Kapag lumabas sa tao ang maruming espiritu, nagpapalabuy-laboy ito sa mga lugar na walang tubig sa paghahanap ng pahingahan. Pero wala siyang natatagpuan at sinasabi niya: 'Babalik ako sa inalisan kong tirahan.' Pagdating niya, natatagpuan niya ito na nawalis na at maayos pa. Kaya naghahanap siya at nagsasama ng pito pang espiritong mas masama pa kaysa kanya; pumapasok ang mga ito at doon tumitira. Kaya mas masama ang huling kalagayan ng taong iyon kaysa dati."

Pagmamaisid

Ano ang mga katangian ng ka-panig at kasama ko?

Paghahawi

Saad ni Jesus: "Ang hindi panig sa akin, laban sa akin, at ang hindi nagtitipong kasama ko, nagpapangalat."

Pagtatabas

Panig ba ako kay Jesus at kasama Niya? Paanong paraan mo malalamang kasama ka Niya?

Pagsasaayos

Kapanig at kasama natin ang Panginoong Jesus kung may kabutihan, kababaang-loob at pagmamalasakit tayo sa kapwa. Hinihimok tayong humanay kay Jesus sa pamamagitan ng pagsasabuhay at pagsunod sa Kanyang mga turo at kalooban. Aktibo nating iwasan, tutulan, at labanan ang kasamaan.

Pagdiriwang

Banal na Espiritu, gabayan Niyo kami, at tulungang mamuhay ayon sa kabutihan at aral ni Jesus, hanggang sa huling sandali ng aming buhay sa mundong ito.

IKA-27 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 105:2-3, 4-5, 6-7

*Nasa isip ng Maykapal
ang tipan niya kailanman.*



Sabado
10 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Galasya 3:22-29

Subalit ikinulong ng Kasulatan ang lahat sa kasalanan, kaya dapat ibigay sa mga sumasampalataya ang pangako batay sa pananampalataya kay Jesucristo.

Bago pa dumating ang pananampalataya, nakakulong na tayo at napaliligiran sa ilalim ng Batas, hanggang sa paghahayag ng pananampalataya. Sa gayon naging tagaakay natin kay Kristo ang Batas upang magawa tayong matuwid batay sa pananampalataya. Ngunit sa pagdating ng pananampalataya, wala na tayo sa ilalim ng isang tagaakay.

Nakay Kristo Jesus naman kayong lahat na mga anak ng Diyos, bunga ng pananampalataya. Isuot ninyo si Kristo, lahat kayong bininyagan kay Kristo. Wala nang Judio o Griyego, wala nang alipin o malaya, lalaki o babae; iisa lang kayong lahat kay Kristo Jesus. At kung nakay Kristo kayo, binhi rin kayo ni Abraham at mga tagapagmana ng ipinangako.

Ebanghelyo: Lucas 11:27-28

Habang nagsasalita pa siya, isang babae mula sa dami ng tao ang malakas na nagsabi sa kanya: “Mapalad ang nagdala sa iyo sa kanyang sinapupunan at nagpasuso sa iyo.” Ngunit sumagot si Jesus: “Kaya talagang mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Rogelio S. Positar

Pagmamasid

Naranasan mo na bang kilalanin o purihin dahil sa iyong tagumpay? Ano ang iyong naramdaman?

Paghahawi

Sabi ni Jesus: “Talagang mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito.”

Pagtatabas

Kung ako si Jesus, paano ko tutugunan ang papuri—itatangi ko ba ang ina ko, o ituturo ko ang mas mahalagang bagay?

Pagsasaayos

Karaniwan, nagpapasalamat tayo kapag pinupuri tayo o ang ating magulang. Ngunit nagturo si Jesus ng mas malalim na katotohanan: ang tunay na pagpapala ay nasa pakikinig at pagsunod sa salita ng Diyos. Hindi sapat ang ugnayang dugo—ang mahalaga ay ang ugnayang pananampalataya. Sa mata ni Jesus, ang Kanyang ina at kapatid, ang mga tumutupad sa kalooban ng Diyos.

Pagdiriwang

Panginoon, turuan N'yo kaming maging tunay na mapalad—sa pakikinig, pagsunod, at pamumuhay ayon sa Inyong salita.

Nahaharap ko ang karalitaan at ang kasa-
ganaan; handa ako sa lahat ng bagay; sanay
ako sa kabusugan at gutom, sa pagsasawa
at kakulangan. Kaya ko ang lahat sa tulong
ng nagpapalakas sa akin. Gayunman, mabuti
ang ginawa ninyo sa pakikibahagi sa aking
kapighatian.

Kaya bibigyang-kasiyahan kayo ng aking Diyos sa lahat ng inyong kailangan, ayon sa kanyang kayamanan, nang buong kagandahang-loob, kay Kristo Jesus. Luwalhatiin ang Diyos na ating Ama magpakailanman! Amen.

Muling nagsalita si Jesus sa pamamagitan ng mga talinhaga: “Tungkol sa nangyayari sa kaharian ng Langit ang kuwentong ito: May isang haring naghanda sa kasal ng kanyang anak na lalaki. Ipinatawag niya sa mga katulongang ang mga imbitado sa kasalan ngunit ayaw nilang dumalo.

Muli niyang pinapunta ang iba pang mga katulong para sabihin sa mga inanyayahan sa kasalan: 'Naghandang ako ng pagkain, nagpatay ng mga toro at mga pinatabang hayop; handa na ang lahat kaya pumarito na kayo sa kasalan.' Ngunit hindi nila pinansin ang paanyaya, sa halip ay may pumunta sa kanyang taniman, at sa kanyang negosyo naman ang isa pa. Sinunggaban naman ng iba pa ang mga katulong ng hari, nilibak at pinatay.


Lubhang nagalit ang hari kayat ipinadala niya ang kanyang hukbo para puksain ang mga mamamatay-tao at sunugin ang lunsod.

At sinabi niya sa kanyang mga katulong: 'Handa na ang kasalan ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan. Pumunta kayo ngayon sa dulo ng lunsod at anyayahan sa kasalan ang bawat makita ninyo.'

Kaya agad na lumabas sa mga daan ang mga katulong at tinipon ang lahat ng makita, masama at mabuti, at napuno ang kasalan ng mga nasa hapag.

Pagkatapos ay dumating ang hari para tingnan kung sino ang mga nasa hapag at napansin niya ang isang lalaking hindi nakadamit-pampiyesta. Kaya sinabi niya sa kanya: 'Kaibigan, paano ka nakapasok nang walang damit pangkasal?' Ngunit hindi umimik ang tao. Kaya sinabi ng hari sa kanyang mga katulong: 'Igapos ang kanyang mga kamay at paa, at itapon sa dilim, kung saan may iyakan at pagngangalit ng mga ngipin.'

Marami ngang talaga ang tinawag pero kaunti ang pinili."



"Pumunta kayo ngayon sa dulo ng lunsod at anyayahan sa kasalan ang bawat makita ninyo."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Ronnie M. Provido

Pagmamasiid

Kung inimbita ka sa isang handaan, magsusuot ka ba ng angkop na kasuotan?

Paghahawi

Sa talinghaga ni Jesus, walang dumalo sa inanyayahan sa handaang-kasal ng anak ng hari. Nang inimbita ang lahat, dumalo ang mabuti at masama. Isang bisita itinapon sa dilim nang hindi sumagot kung bakit hindi nakadamit-pang piyesta. Kaya sabi ni Jesus: "Marami ang tinawag, pero kaunti ang pinili."

Pagtatabas

Dadalo ba ako sa piging-kasalan, kung inanyayahan ako?

Pagsasaayos

Maaring pupunta ang inimbita sa piging-kasalan, upang makilala ang hari. Maaring ang maralita nais makakain ng mahal na pagkain. Pumupunta lang ako sa kasalan ng kakilala, at hindi ako pupunta kung wala akong angkop na damit. Maaring hindi nasabihan o hindi alam ng bisita na kailangang nakadamit-pampiyesta siya.

Sa Kaharian ng Diyos o sa piging ng Panginoong Jesus, ang Banal na Eukaristiya, inaanyayahang tayong lahat. Subalit, hindi tayo makakapasok sa Kaharian ng Diyos kung hindi malinis ang ating isip, puso, kaluluwa at espiritu. Sa pagtanggap ng Banal na Eukaristiya, kailangan walang malaking kasalanan, at pinagsisihan ang maliit na kasalanan.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming maging mapagmahal at maawain sa kapwa, at hindi makasarili, upang makapasok sa Inyong bukas na Kaharian.

Lunes
OKTUBRE 12



**IKA-28 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

Salmo 113:1b-2, 3-4, 5a at 6-7
*Ngalan ng D'yos ay idangal
ngayon at magpakailanman.*

Unang Pagbasa:

Galasya 4:22-24, 26-27, 31-5:1

Nakasulat nga na may dalawang anak si Abraham, isa sa aliping babae at isa sa malayang babae. Ipinanganak nang karaniwan ang anak sa aliping babae at ang sa malayang babae nama'y sa bisa ng isang pangako. May talinghaga ng dalawang kasunduan ang dalawang babaeng ito. Sa Bundok Sinai galing ang una na nagsisilang para sa pagkaalipin: ito ang kahulugan ni Agar.

Ngunit malaya naman ang Jerusalem na nasa kaitaasan, na ating ina. At nasusulat: *Magalak ka, babaeng baog na hindi nagsisilang; magsimula kang sumigaw, ikaw na hindi naghihirap sa panganganak; sapagkat marami pang anak ang nag-iisang babae kaysa may-asawa.* Kaya, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng aliping babae kundi ng malayang babae. Pinalaya tayo ni Kristo para sa kalayaan, kaya maging matatag kayo, at huwag na muling magpailalim sa pamatok ng pagkaalipin.

Ebanghelyo: Lucas 11:29-32

Nang dumadagsa na ang mga tao, nag-simulang magsalita si Jesus: "Masamang lahi ang lahing ito; humihingi ito ng palatandaan pero walang ibang palatandaang ibibigay rito kundi ang palatandaan ni Jonas. At kung paanong naging palatandaan si Jonas para sa mga taga-Ninive, gayundin naman ang Anak ng Tao para sa mga tao sa kasalukuyan. Sa paghuhukom, babangon ang Reyna ng Timog kasama ng mga lalaki ng lahing ito at hahatulan sila. Sapagkat dumating siya mula sa kabilang dulo ng mundo para masaksihan ang karunungan ni Solomon at dito'y may mas dakila pa kay Solomon. Sa paghuhukom, babangon ang mga lalaking taga-Ninive kasama ng salinlahing ito at hahatulan nila ito dahil nagbalik-loob sila sa pangangaral ni Jonas; at dito'y may mas dakila pa kay Jonas.

Pagmamaisid

Sa paanong paraan naging palatandaan si Jesus, ang Anak ng Tao, sa atin?

Paghahawi

Sabi ni Jesus: "...kung paanong naging palatandaan si Jonas para sa mga taga-Ninive, gayundin naman ang Anak ng Tao para sa mga tao sa kasalukuyan."

Pagtatabas

Nakikilala ko ba si Jesus bilang tanda ng Ama sa sanlibutan?

Pagsasaayos

Si Jonas ang propetang ayaw pumunta sa Nineve, ngunit dinala siya roon ng isang balyena. Dahil sa nangyari natuloy pa rin si Jonas sa Nineve, naging palatandaan siya para magsisi ang mga taga-Ninive magbalik-loob kay Yawheh.

May mga taong nakikita ang malubhang sakit, bilang palantandaan ng pagbalik-loob sa Diyos, habang may panahon pa. Si Jesus, na walang kasalanan, nagpakasakit, napako at namatay sa Krus, upang iligtas tayo sa kasalanan, ang palantandaan ng sanlibutan, upang magsisi at magbalik-loob sa Ama.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, buksan Nyo ang aming puso, isip at buong pagkatao, upang mamulat na magbalik-loob sa Ama, sa buhay na walang hanggan.

**IKA-28 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

Salmo 119:41, 43, 44, 45, 47, 48
*Ipahayag mo sa akin
ang pag-ibig mong magiliw.*



Martes
13 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Galasya 5:1-6

Pinalaya tayo ni Kristo para sa kalayaan, kaya maging matatag kayo, at huwag na muling magpailalim sa pamatok ng pagka-alipin.

Heto! Akong si Pablo ang nagsasabi sa inyo na kung patutuli kayo, wala nang pakinabang para sa inyo si Kristo. Talagang sinasabi kong muli sa bawat taong nagpatuli na may pananagutan siyang isagawa ang buong Batas. At kayong mga umaasa sa Batas para maging matuwid, nawalay na kayo kay Kristo at nawala kayo sa grasya.

Mula sa pananampalataya naman namin matatanggap sa Espiritu ang inaasahan naming pagkamatuwid. Sapagkat kay Kristo Jesus hindi ang pagkatuli ni ang di-pagkatuli ang mahalaga, kundi ang pananampalatayang pinakikilos ng pag-ibig.

Ebanghelyo: Lucas 11:37-41

Matapos magsalita si Jesus, inanyayahan siya ng isang Pariseo na kumain sa bahay nito. Pumasok siya at dumulog sa hapag. At nagtaka ang Pariseo nang makitang hindi muna siya naghugas ng kamay bago kumain. Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon: "Kayong mga Pariseo, ugali ninyong linisin ang labas ng mga baso't pinggan pero nag-uumapaw naman sa kasakiman at kasamaan ang inyong loob! Mga hangal! Di ba't ang maygawa ng labas ang siya ring maygawa ng loob? Pero naglilimos lamang kayo at sa akala ninyo'y malinis na ang lahat.

Pagmamasiid

May kilala ba kayong malinis ang panlabas at panloob na pagkatao?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Kayong mga Pariseo, ugali ninyong linisin ang labas ng mga baso't pinggan pero nag-uumapaw naman sa kasakiman at kasamaan ang inyong loob!

Pagtatabas

Katulad ba tayo ng mga Pariseo, na malinis ang panlabas, ngunit sakim at masama ang panloob?

Pagsasaayos

Mahirap malaman ang panloob na ugali ng isang tao, hanggat hindi mo siya makakasama ng madalas. Lalabas lamang ito sa tagal ninyong makasama. Hindi ko nais na matulad sa mga Pariseo na binanggit ni Jesus. Hindi madaling pagkatiwalaan ang ganitong kapwa.

Kailangan manalangin at humingi ng tulong sa Diyos na maging malinis, hindi lang ang panlabas nating ugali, pati na ang panloob na isip at damdamin. Ipagdasal natin ang mga kapwa na hindi tugma ang panlabas at panloob na pagkatao.

Pagdiriwang

Ama, alam Ninyo ang aming panlabas at panloob na pagkatao. Gabayan Ninyo kaming lagi na maging malinis ang buo naming pagkatao, para sa Kaluwalhatian Ninyo.



Unang Pagbasa: Galasya 5:18-25

Kapag mula sa espiritu kayo kumikilos, wala na kayo sa ilalim ng Batas.

Madaling nakikilala ang mga gawa ng laman, pambababae, kalaswaan, kahalayan, pagsamba sa diyus-diyusan, pangkukulam, mga away, alitan, inggitan, pagkapoot, makasariling paghahangad, pagtatalo, hidwaan, pananaghili, inuman, lasingan, at iba pang tulad ng mga ito. Muli kong sinasabi sa inyo ang sinabi ko na noong una, na hindi magmamana ng kaharian ng Diyos ang mga gumagawa ng mga bagay na ito.

Ang bunga naman ng espiritu ay pag-ibig, tuwa, kapayapaan, pagtitiis, kagandahang-loob, kabutihan, pagtitiwala, kahinahunan, pagtitimpi. Walang Batas o parusa para sa mga ito. At ang mga kapanig ni Kristo Jesus ang nagpako ng laman sa krus, kasama ang mga pagnanasa at mga nais nito.

Kung maka-espiritu tayo, sundin din natin ang espiritu.

Ebanghelyo: Lucas 11:42-46

Sawimpalad kayong mga Pariseo! Nagbabayad nga kayo ng ikapu ng yerbabuena at ng ruda at ng lahat ng gulay, at pinababayaan naman ninyo ang katarungan at ang pag-ibig sa Diyos. Ito nga ang dapat gawin nang di kinaliligtaan ang mga iyon. Sawimpalad kayong mga Pariseo! Gusto ninyong mabigyan ng pangunahing upuan sa mga sinagoga at mabati sa mga liwasan. Sawimpalad kayo, na parang mga nakatagong libingan, na inaapakan ng mga tao at di man lang nila namamalayan."

Nagsalita ang isang guro ng Batas: "Guro, iniinsulto mo rin kami sa pagsasabi mo ng mga ito." At sinabi ni Jesus: "Sawimpalad din kayong mga guro ng Batas! Ipinapapasan ninyo sa mga tao ang mga napakabibigat na pasanin, ngunit ni isang daliri ay ayaw ninyong igo para tulungan sila.

Pagmamaisid

Nais ko ba ng pangunahing upuan at pagbati ng mga tao sa isang pangyayari? Malimit ba akong magpapasan ng mabigat na bagay sa kapwa, at hindi man lang tumutulong sa kanya?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Sawimpalad kayong mga Pariseo! Gusto ninyong mabigyan ng pangunahing upuan sa mga sinagoga at mabati sa mga liwasan."; "Sawimpalad din kayong mga guro ng Batas! Ipinapapasan ninyo sa mga tao ang mga napakabibigat na pasanin, ngunit ni isang daliri ay ayaw ninyong igo para tulungan sila.

Pagtatabas

Katulad ba tayo ng mga Pariseo at guro ng Batas?

Pagsasaayos

Hindi ko nais maging Pariseo at guro ng Batas na pinupuna ni Jesus. Hangarin kong maging mabuting tagasunod Niya. Punong-lingkod Siya na hindi hangad ang parangal, kundi handang tumulong sa mabigat na ipapagawa sa kapwa.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Ninyo kaming maglingkod sa Inyo at aming kapwa nang may pagpapakumbaba at pagmamahal, tulad ng Panginoong Jesus.

IKA-28 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

Santa Teresa ng Avila

Salmo 98:1, 2-3ab, 3kd-4, 5-6

*Ang D'yos na rin ang naghayag
ng handog n'yang pagliligtas.*



Hawebes
15 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Efeso 1:1-10

Ebanghelyo: Lucas 11:47-54

Sawimpalad kayong nagtatayo ng mga puntod sa mga propetang pinatay ng inyong mga ama. Sa gayon ninyo inaamin at sinasang-ayunan ang mga ginawa ng inyong mga ama; iniligpit nila ang mga propeta, at makapagtatayo na kayo ngayon.

(Sinabi rin ng Karunungan ng Diyos:) Nagsusugo ako sa kanila ng mga propeta at mga apostol ngunit uusigin nila at papatayin ang ilan sa kanila. Kayat papapanagutin ang salinlahing ito sa dugo ng lahat ng propeta, sa dugong nabuhos mula pa sa pagkatatag ng mundo, mula sa dugo ni Abel hanggang sa dugo ni Zacarias na nasawi sa pagitan ng altar at ng santuwaryo. Oo, sinasabi ko sa inyo, papapanagutin ang salinlahing ito.

Sawimpalad kayong mga guro ng Batas na umagaw sa susi ng kaalaman. Hindi na kayo pumasok at hinadlangan pa ninyo ang mga makapapasok."

Pagkatapos ay umalis si Jesus at sinimulan naman ng mga guro ng Batas at mga Pariseo na mahigpit na makipagtalos sa kanya. Pina-pagsalita nila siya tungkol sa maraming bagay at pilit na sinisilo sa anumang sinasabi niya.

Pagmamaisid

Paano ko ituring ang mga nagtuturong isinugo ng pinagpipitagan kong pinuno?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Sawimpalad kayong nagtatayo ng mga puntod sa mga propetang pinatay ng inyong mga ama... Nagsusugo ako ng mga propeta at apostol. ngunit uusigin nila at papatayin ang ilan sa kanila. Kayat papapanagutin ang salinlahing ito sa dugo ng lahat ng propeta."

Pagtatabas

Iginagalang ko ba ang mga isinugo ni Jesus, tulad ng Obispo, kura paroko, katekista, at ibang lingkod-Simbahan?

Pagsasaayos


Karaniwan, iginagalang natin ang mga isinugo ng mga pinunong ating pinapahalagahan. Bilang mabuting Katoliko, marapat lamang na igo ang natin ang ating mga magulang, kapamilya, kaibigan, at higit sa lahat, ang mga pinuno at lingkod ng Simbahan na nagtuturo at umaakay sa atin tungo sa Diyos.

Ngunit higit pa sa paggalang, hinihikayat tayo ni Jesus—ang tunay na Pinuno ng ating Simbahan—na mahalín ang ating mga kapatid sa pananampalataya. Maging mapagmatyag tayo sa mga nagpapanggap na propeta, sapagkat ang pag-uusig at pagpatay sa mga tunay na sugo ng Diyos ay isang mabigat na kasalanan.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Ninyo kaming makinig, matuto, at suportahan ang mga propeta Ninyo at ng Panginoong Jesus.

Biernes
OKTUBRE **16**



IKA-28 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)

*Santa Eduvigis (Heidi) /
Santa Margarita Maria Alaque*

Salmo 33:1-2, 4-5, 12-13

*Mapalad ang ibinukod
na bansang hinirang ng Diyos.*

Unang Pagbasa: Efeso 1:11-14

Kay Kristo kami hinirang at itinalaga nang umasa sa Mesiyas. Ito ang pasya ng nagsasagawa ng lahat niyang binalak at niloob: upang purihin dahil sa amin ang dakilang karangalan niya.

Narinig din ninyo ang tunay na salita – na siyang ebanghelyo ng ating kaligtasan – at naniwala kayo kay Kristo at tinatakan ng ipinangakong Banal na Espiritu.

Ito ang unang natanggap sa ating pamana tungo sa katubusan ng sariling bayan ng Diyos upang purihin ang dakilang karangalan niya.

Ebanghelyo: Lucas 12:1-7

Nang magkatipon ang libu-libong tao hanggang magkatapakan na sila, sinimulang sabihin ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Mag-ingat muna kayo sa lebadura ng mga Pariseo, na walang iba kundi ang pagkukunwari.

Walang tinatakan na di mabubunyag, walang natatago na di malalaman. Kaya naman, ang sinabi ninyo sa dilim, sa liwanag maririnig; at ang ibinulong ninyo sa mga kuwarto, sa bubungan ipahahayag.

Sinasabi ko naman ito sa inyo na mga kaibigan ko: huwag ninyong katakutan ang mga nakapapatay sa katawan at wala nang magagawa pa. Ituturo ko sa inyo kung sino ang dapat ninyong katakutan: matakot kayo sa may kapangyarihang pumatay at may kapangyarihan pang magbulid sa impiyerno. Oo, sinasabi ko sa inyo, ito ang katakutan ninyo. Di ba’t ipinagbibili nang dalawang pera ang limang maya? Subalit isa man sa kanila’y di nalilimutan ng Diyos. Bilang na pati ang lahat ng buhok sa inyong ulo. Huwag kayong matakot; mas mahalaga pa kayo kaysa maraming maya.

BIRTHDAY: Rev. Fr. John Nathan Maagma, OFMConv.

Pagmamaisid

Sino sino ba ang mga minamahal ng mga magulang? Sino sa mga ito ang nangunguna sa pagmamahal ng magulang?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus sa Kanyang mga kaibigan: “Di ba’t ipinagbibili nang dalawang pera ang limang maya? Subalit isa man sa kanila, di nalilimutan ng Diyos. Bilang na pati ang lahat ng buhok sa inyong ulo. Huwag kayong matakot; mas mahalaga pa kayo kaysa maraming maya.”

Pagtatabas

Meron pa ba tayong dapat ikabahala kung lubos ang pagmamahal sa atin ng Panginoong Jesus?

Pagsasaayos

Sa aking karanasan, ang magulang higit ang pagmamahal sa anak kaysa alagang hayop. Gayundin ang pagmamahal ng Ama sa sangkatauhan, na higit sa iba Niyang nilikha tulad ng hayop. Kaya isinugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak, si Jesus, para iligtas tayo sa kasalanan.

Kilala Niya tayong lahat, ating minimithi, nanyayari sa atin, at ating pangangailangan bago pa hiniling sa Kanya. Ibinibigay ng Ama ang makakabuti sa atin. Alam Niya ang ating nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, sapagka’t wagas na umiibig Siya sa atin.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Ninyo kaming maintidihan na wala kaming kakailanganin pa sa aming buhay, sapagkat Kayo ang aming Pastol, at di Niyo kami iiwanan kailanman.

IKa-28 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 4 / (Pula)

San Ignacio ng Antioquia

Salmo 82:3ab, 4-5, 6-7

*Pinamahala sa tao
ang lahat ng nasa mundo.*



Unang Pagbasa: Efeso 1:15-23

Nabalitaan ko rin naman ang inyong pananampalataya at ang inyong pagmamahal sa lahat ng banal. Kaya walang tigil akong nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo, at inaalaala ko kayo sa aking mga panalangin. Bigyan nawa kayo ng Diyos na Ama ni Jesu-cristong Panginoon ng karunungan at pagkatuklas na bunga ng Espiritu upang lubusan ninyo siyang makilala.

Liwanagan nawa niya ang inyong mga kalooban upang malaman ninyo kung ano ang aasahan ninyo sa pagkatawag niya sa inyo, kung ano ang kayamanan ng maluwalhati niyang pamana sa mga banal, at kung ano ang sobra-sobra niyang lakas alang-alang sa atin na naniniwala.

Ganoon nga ang lakas ng kanyang kapang-yarihan, na muling bumuhay kay Kristo at *nagluklok sa kanyang kanan* sa langit, sa ibabaw ng lahat ng Pamunuan, Kapangyarihan, Lakas, Kapanginoonan at ng anumang may-pangalan at kinikilala hindi lamang sa mundong ito kundi pati na sa darating: *ipinailalim ng Diyos ang lahat sa kanyang paanan.*

At inilagay naman siya sa itaas ng lahat bilang ulo ng Iglesya. Ang Iglesya nga ang katawan niya, at sa Iglesya natatagpuan ang kabuuan niya na siyang lubusang pumupuno sa lahat.

Ebanghelyo: Lucas 12:8-12

Sinasabi ko sa inyo: sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin din ng Anak ng Tao sa harap ng mga anghel ng Diyos. At ang ayaw kumilala sa akin sa harap ng mga tao'y hindi rin kikilalanin sa harap ng mga anghel ng Diyos.

Ang sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao ay mapapatawad, ngunit ang sinumang lumait sa Espiritu Santo ay hindi mapapatawad. Dalhin man nila kayo sa harap ng mga sinagoga at mga namumuno at mga maykapangyarihan, huwag kayong mabalisa kung paano ninyo ipagtatanggol ang sarili o kung ano ang inyong sasabihin. Sapagkat ang Espiritu Santo ang magtuturo sa inyo sa oras na iyon ng dapat na sabihin."

Pagmamasid

Nakabigay ka na ba ng talumpati sa maraming tao?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Dalhin man nila kayo sa harap ng mga sinagoga at mga namumuno at may kapangyarihan, huwag kayong mabalisa kung paano ninyo ipagtatanggol ang sarili o kung ano ang inyong sasabihin. Ang Espiritu Santo ang magtuturo sa inyo sa oras na iyon ng dapat na sabihin."

Pagtatabas

Anong paghahanda ang gagawin ko sa pagharap sa mga taong kailangan kong akayin at ipahayag ang Salita ng Diyos?

Pagsasaayos

Karaniwang may kaba kapag magsasalita sa maraming tao. Walang takot nating ipahayag ang salita ng Diyos, dahil sa pangako ni Jesus na gagabayan tayo ng Espiritu Santo. Gaya ng mga apostol na mga simpleng tao at nilikuban ng Espiritu Santo, magkaroon ng lakas ng loob sa paghikayat na maniwala ang kapwa kay Jesus.

Hingin din natin ang Kanyang tulong, upang matanggap natin ang biyayang magpapatibay sa ating kalooban at pananampalatayang Kristiyano.

Pagdiriwang

Papuri sa Inyo, Ama, dahil sa biyaya ng Espiritu Santo, nagagawa ko ang misyong inaatas Niyo!

Naaalaala namin, mga kapatid na mahal ng Diyos, kung paano kayo hinirang. Hindi nga sa salita lamang ang pag-eebanghelyo namin sa inyo, kundi sa kapangyarihan, nang may banal na espiritu at marami pang ibang ibiniqay sa inyo.


Ebanghelyo: Mateo 22:15-21

Umurong ang mga Pariseo at nagpulong kung paano nila huhulihin si Jesus sa sarili niyang mga salita. Kaya ipinadala nila ang kanilang mga alagad kasama ng mga kampi kay Herodes.

Sinabi nila kay Jesus: “Guro, nalalaman namin na tapat kang tao at tunay na nagtuturo ng daan ng Diyos; hindi ka napadadala sa iba at nagsasalita hindi ayon sa kalagayan ng tao. Kaya ano ang palagay mo: ayon ba sa Batas na magbayad ng buwis sa Cesar? Dapat ba tayong magbayad sa kanya o hindi?”

Alam naman ni Jesus ang masama nilang pakay, at sinabi niya sa kanila: “Mga mapagkumwari! Bakit ninyo ako sinusubukan? Ipa-kita ninyo sa akin ang perang pambuwis.”

Ipinakita nila ang isang denaryo, at sinabi sa kanila ni Jesus: “Sino ang nakalarawan dito, na narito rin ang kanyang pangalan?” Sumagot sila: “Ang Cesar.” At sinabi niya sa kanila: “Kung gayon, ibigay sa Cesar ang para sa Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos.”



“Kung gayon, ibigay sa Cesar ang para sa Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Eric B. Estrada, ESHT

Pagmamasid

Anu-ano ang mga tungkulin natin sa pamahalaan bilang mamamayan?

Paghahawi

Tanong ng mga Pariseo at kampi ni Herodes: “Guro, nalalaman namin na tapat kang tao, at tunay na nagtuturo ng daan ng Diyos. Hindi ka nag papadala sa iba, at nagsasalita ng hindi ayon sa kalagayan ng tao...ayon ba sa Batas na magbayad ng buwis sa Cesar o hindi?” Sagot ni Jesus: “Kung gayon, ibigay sa Cesar ang para sa Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos.”

Pagtatabas

Paano natin dapat tugunan ang ating mga tungkulin sa Simbahan at pamahalaan?

Pagsasaayos

Katapatan sa mga tungkulin ang nararapat na ugaliin natin. Sa Simbahan, kailangan natin magbigay ayon sa kakayahan natin, dahil sa maraming pangangailan nito.

Anuman ang ating paninindigan sa mga isyu sa pamahalaan, kailangan pa rin natin bayaran ang mga buwis nang walang pandaraya.

Pagdiriwang

Ama, bigyan Ninyo kami nang mabuti at tapat na pagtutupad ng aming mga pananagutan sa Simbahan at bayan.

Lunes
OKTUBRE **19**



IKA-29 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Pula/Puti)
*San Juan Brebeuf at San Isaac Jogues
at mga kasama / San Pablo dela Cruz*

Salmo 100:1b-2, 3, 4ab, 4k-5

*Tayo'y sa D'yos, sa D'yos lamang,
tayong lahat na nilalang.*

Unang Pagbasa: Efeso 2:1-10*

Mga patay kayo noong una dahil sa inyong mga pagkadapa at mga kasalanan. Ang mga ito ang inyong tinahak noon; sumang-ayon kayo sa takbo ng daigdig na ito, at sinunod ang Pinuno ng daigdig ng mga espiritu; ito ang espiritong kumikilos sa mga taong suwail. (...)

Ngunit mayaman sa awa ang Diyos at malaki ang kanyang pag-ibig sa atin. Kaya bagamat patay tayo dahil sa ating mga kasalanan, binuhay niya tayong kaisa ni Kristo: naligtas kayo nang walang bayad! Ibinangon tayong kaisa ni Kristo Jesus at iniluklok na kasama niya sa kalangitan upang maipahayag sa susunod na panahon ang napakayamang kagandahang-loob niya dahil sa kabutihan niya sa atin kay Jesucristo. (...)

Ebanghelyo: Lucas 12:13-21

Sinabi kay Jesus ng isa sa karamihan: "Guro, sabihin mo nga sa aking kapatid na hatian ako ng mana." Ngunit sinabi ni Jesus sa kanya:

"Kaibigan, sino ang nagtalaga sa akin bilang hukom o tagapaghati ninyo?" At sinabi niya sa mga tao: "Mag-ingat kayo at iwasan ang bawat uri ng kasakiman sapagkat magkaroon man ng marami ang tao, hindi sa kanyang mga ari-arian nakasalalay ang kanyang buhay."

At idinagdag ni Jesus ang isang talinhaga: "May isang taong mayaman na maraming tinubo sa kanyang lupain. Kaya nag-isip-isip siya: 'Ano ang gagawin ko? Wala man lang akong mapagtipunan ng aking ani.' At sinabi niya: 'Ito ang gagawin ko, gigibain ko ang aking mga bodega at magtatayo ako ng mas malalaki; doon ko titipunin ang lahat kong trigo at ang iba pa. At masasabi ko na sa aking sarili: Kaibigan, marami kang ari-ariang nakalaan para sa maraming taon. Magpahinga ka, kumain, uminom at magsaya.'

Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos: 'Hangal! Sa gabi ring ito, babawiin sa iyo ang iyong buhay. Mapapasakanino na ang iyong inihanda?' Gayon din ang masasabi sa sinumang nag-iimpok ng yaman para sa kanyang sarili at walang tinutubo para sa Diyos."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Ronaldo N. Guzman, MS

DATE OF ESTABLISHMENT: 1997, Epiphany of the Lord Parish

PARISH FIESTA: St. Paul of the Cross Parish

Pagmamasid

Kung naghihirap at nagpupunyagi ako sa buhay, ano ang dahilan nito?

Paghahawi

Sinabi ng Diyos sa mayamang maraming tinubo sa lupain: "Sa gabi ring ito, babawiin... ang iyong buhay. Mapapasakanino na ang iyong inihanda? Gayon din ang masasabi sa sinumang nag-iimpok ng yaman para sa kanyang sarili, at walang inilalaan para sa Diyos."

Pagtatabas

Anong bahagi ng naiimpok ko ang inilalaan ko para sa Diyos? Meron ba?

Pagsasaayos

Magpundar sa mga bagay na hindi makamundo, kundi sa mga bagay na magpapayaman sa ating relasyon sa Diyos. Marami ang nakakalimot sa maka-Diyos na gawain dahil nawawalan ng panahon at nakatuon sa mahalagang alalahanin na walang kaugnayan sa Diyos.

Sa halip na magsimba tuwing Linggo, may nagtatrabaho dahil mas malaki ang sahod. Nalilimutan natin na lahat ng meron tayo, galing sa kabutihan ng Diyos, tulad ng ating kalusugan at pagsisikap. Huwag din natin kalimutan na kapag inuna natin ang Diyos, makakamit natin ang lahat ng ating pangangailangan.

Pagdiriwang

Ama, ituro Ninyong unahin ko Kayo at magtiwala ako sa Inyong pagpapala para sa pangangailangan at pangarap ko at ng aking pamilya. Turuan Mo rin po ako na bigyan ko ng halaga kasama ang pagtulong sa kapwa at Simbahan, para sa Inyo, hanggang sa huling sandali ng aming buhay.

IKa-29 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 85:9ab-10, 11-12, 13-14

Ang Poo'y nagsasalita
na bayan n'ya'y papayapa.



Martes
20 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Efeso 2:12-22

Wala kayong Kristo noon, at di kasali sa pamayanan ng Israel at di sakop ng pinagtipanang mga pangako; wala rin kayong pag-asa at walang Diyos sa mundo. Ngunit ngayo'y na kay Kristo na kayo at sa dugo ni Kristo'y nalapit kayo na dating malayo.

Siya ang ating kapayapaan; pinag-isa niya ang dalawang bayan sa pagkagiba ng pader ng pagkakahati: ito nga ang pagkamuhi. Pinawalang-bisa niya sa sariling laman ang Batas na mga kautusan at tuntunin, at nilikhang iisa lamang at bagong Tao sa kanyang sarili ang dalawang bayan. Ipinagkasundo niya sa Diyos ang dalawa na naging isang katawan nang ang pagkamuhi ay patayin niya sa kanyang katawan sa krus.

Dumating siyang ipinahahayag ang kapayapaan sa inyo na malayo at ang kapayapaan din sa mga malapit. Sa pamamagitan niya, kapwa tayo may karapatang pumunta sa Ama sa iisang Espiritu.

Ngayon nga ay hindi na kayo mga dayuhan at panauhin, kundi mga kababayan ng mga banal at kasambahay ng Diyos. Sa pundasyon na mga apostol at mga propeta kayo naitayo at si Kristo Jesus mismo ang batong panulok. Sa kanya lumalawak at nabubuo ang buong gusali at nagiging banal na templo sa Panginoon. Sa kanya rin kayo sama-samang ginagawang tahanan ng Diyos sa Espiritu.

Ebanghelyo: Lucas 12:35-38

Maghintay kayong bihis at handang maglingkod, na may nakasinding mga lampara. Maging tulad kayo ng mga taong naghihintay sa kanilang panginoon. Pauwi siya mula sa kasalan at agad nilang mabubuksan ang pinto pag dating niya at pag katok. Mapalad ang mga lingkod na iyon na matatagpuang naghihintay sa panginoon pagdating niya. Maniwala kayo sa akin, isusuot niya ang damit pantrabaho at pauupuin sila sa hapag at isa-isa silang pagsisilbihan. Dumating man siya sa hatinggabi o sa madaling-araw at matagpuan niya silang ganito, mapalad ang mga iyon!

Pagmamasiid

Dapat bang handang maglingkod ang isang tao pagdating ng kanyang amo?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Maghintay kayong bihis at handang maglingkod, na may nakasinding mga lampara. Maging tulad kayo ng mga taong naghihintay sa kanilang panginoon. Pauwi siya mula sa kasalan, at agad nilang mabubuksan ang pinto, pagdating niya at pagkatok. Mapalad ang mga lingkod na iyon na matatagpuang naghihintay sa panginoon pagdating niya."

Pagtatabas

Handa ba ako sa lahat ng oras sa pagdating ng Panginoon?

Pagsasaayos

Noong panahon ni Jesus, dahil wala pang kuryente, nakasinding lampara ang liwanag sa gabi. Bagamat alam ng mga lingkod na magmumula sa kasalan ang kanilang panginoon, hindi nila alam ang oras ng pagdating niya sa gabi.

Tanging Ama ang nakaalam kung kailan ang pagbalik at paghukom ng Panginoong Jesus. Kailangan handa tayong lagi, upang makasama sa Kanya, pabalik sa Ama sa langit. Marahil marami sa atin, nagkakasala araw-araw. Bago matulog o bawat pagkakataon, magsisi at humingi tayo ng kapatawaran sa Diyos o nasaktang tao.

Pagdiriwang

Ama, paalalahanan Ninyo kami na humingi agad ng tawad sa Inyo o nasaktang tao upang lagi kaming handa sa pagbalik ng Panginoong Jesus. Akayin mo po kami sa matuwid na landas.



KAPISTAHAN NI SAN PEDRO CALUNGSOD

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Isaia 12:2-3, 4bkd, 5-6
*May galak tayong sumalok
sa batis ng Manunubos.*

Unang Pagbasa: Efeso 3:2-12*

(...) Kay Kristo Jesus, ang mga paganong bayan ay nagiging kapwa-tagapagmana at kaisang-katawan at kabahagi sa pangako.

At ako ang pinagkalooban ng Diyos na maging lingkod ng Ebanghelyong ito na buong-lakas na nagkakabisa sa akin. Akong pinakamaliit sa lahat ng banal ang pinagkalooban ng biyayang ito na ipangaral sa mga paganong bayan ang di-masukat na yaman ni Kristo. Dapat kong ipaliwanag sa lahat kung paano naisasakatuparan ang mahiwagang balak na mula pa sa simula'y natatago sa loob ng Diyos na lumalang sa lahat. (...)

Ebanghelyo: Lucas 12:39-48

Isipin ninyo ito: kung nalaman lamang ng may-ari ng bahay kung anong oras ng gabi ang dating ng magnanakaw, hindi sana niya pababayaang looban ang kanyang bahay. Kaya maging handa kayo sapagkat dumarating ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaakala."

Sinabi ni Pedro: "Panginoon, kanino mo ba sinasabi ang talinhagang ito, sa amin o sa lahat?" Sumagot ang Panginoon: "Isipin

ninyo ito: may tapat at matalinong katiwala na pangangasiwain ng panginoon sa kanyang mga tauhan para bigyan sila ng rasyon sa tamang oras. Kung sa pagdating ng kanyang panginoon ay matagpuan siya nitong tumutupad nang gayon, mapalad ang lingkod na iyon. Talagang sinasabi ko sa inyo, pangangasiwain siya nito sa lahat nitong ari-arian. Ngunit maaari namang maisip ng lingkod na iyon: 'Matatagalan pang dumating ang panginoon ko' at simulang pagmalupitan ang mga utusang lalaki at babae, at kumain, uminom at maglasing. Ngunit darating ang panginoon ng lingkod na iyon sa araw na di niya inaasahan at sa oras na di niya nalalaman. Palalayasin niya ang katulong na ito at pakikitunguhang gaya ng mga di-tapat.

Maraming hampas ang tatanggapin ng katulong na nakaalam sa kalooban ng kanyang panginoon pero hindi naghanda ni sumunod sa kalooban niya. Kaunti lang naman ang tatanggapin ng walang nalalaman sa kalooban niya ngunit gumawa ng mga bagay na dapat parusahan. Hihingan nga ng marami ang binigyan ng marami at hihingan nang higit ang pinagkatiwalaan nang higit.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1972, Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of Fatima

Pagmamaisid

Naranasan mo na bang pagkatiwalaan at bigyan ng mahalagang gawain para sa pamilya o trabaho?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus na mapalad ang tapat na katiwala na tumupad sa habilin ng panginoon niya na mangasiwa sa kanyang mga tauhan. Pangangasiwain siya nito sa lahat nitong ari-arian.

Maraming parusa ang tatanggapin ng katulong na nakaalam sa kalooban ng kanyang panginoon, ngunit hindi sumunod sa kalooban Niya. Kaunti ang tatanggapin ng walang alam sa kalooban Nya, at gumawa ng masamang bagay.

Pagtatabas

Sa tatlong katiwala, kanino ako katulad?

Pagsasaayos

May katiwalang ipagpapaliban ang dapat gawin habang wala ang amo, lalo na kung madali ang gawa. Hindi siya handa, kung biglang bumalik ang amo. Alam niya ang kalooban ng amo, ngunit hindi niya ito natupad.

Hindi ko rin nais maging katiwala na hindi alam ang kalooban ng amo sa iniwanang gawain, at nagsamantala gumawa nang masama habang wala ang amo. Ipanalangin natin na maging mabuting katiwala tayo ng Diyos, alam ang Kalooban Niya, at magsisikap na tuparin ito nang maayos.

Pagdiriwang

Ama, nawa maging mabuti kaming katiwala Ninyo, na alamin sa panalangin ang Inyong Kalooban, at agad tuparin ito, para sa Kaluwalhatian Ninyo.

IKa-29 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)

Papa San Juan Pablo II

Salmo 33:1-2, 4-5, 11-12, 18-19

Awa't pag-ibig ng Diyos sa sangkalupaa'y lubos.



22

OKTUBRE

Unang Pagbasa: Efeso 3:14-21

Dahil dito lumuluhod ako sa harap ng Ama na siyang pinanggagalingan ng bawat pagtawag sa sinumang ama sa langit o sa lupa.

Ipagkaloob nawa niya sa inyo, ayon sa yaman ng kanyang kaluwalhatian ang lakas ng inyong kalooban sa pamamagitan ng kanyang Espiritu.

Manahan nawa si Kristo sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang pag-ibig naman ang maging ugat at saligan ng inyong buhay.

Malaman nawa ninyo kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang, ang haba, ang taas at lalim – sa maikling salita: malaman nawa ninyo ang pagmamahal ni Kristo na higit pa sa lahat ng kaalaman, upang mapuno kayo papunta sa kapunuan ng Diyos.

Sa Diyos na makagagawa ng higit pa sa ating mahihingi at maiisip, sumakanya nawa ang kaluwalhatian sa pamamagitan ng Iglesya at ni Kristo Jesus sa lahat ng salinlahi magpakailanman. Amen.

Ebanghelyo: Lucas 12:49-53

Dumating ako upang maghagis ng apoy sa lupa, at ganoon na lamang ang pagnanais kong magliyab na sana ito! Ngunit dapat akong mabinyagan ng isang binyag, at ganoon na lamang ang pagkabalisa ko hanggang di ito nagaganap! Sa akala ba ninyo'y dumating ako para magbigay ng kapayapaan sa lupa? Hindi, sinasabi ko sa inyo, kundi paghihiwa-hiwalay! Sapagkat mula ngayo'y magkakahati-hati ang limang nasa isang sambahayan, tatlo laban sa dalawa at dalawa laban sa tatlo; magkakahati-hati sila: ama laban sa anak na lalaki at anak na lalaki laban sa ama, ina laban sa anak na babae at anak na babae laban sa ina, biyenang babae laban sa kanyang manugang na babae at manugang na babae laban sa biyenang babae."

PARISH FIESTA: St. John Paul II Parish

Pagmamasiid

Karaniwan, masakit at mahirap ang paghihiwalay—lalo na sa pagitan ng magulang at anak, o ng manugang at biyenang. Ngunit bakit tila ito ang binibigyang-diin ni Jesus?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus "Naparito Ako upang magdala ng apoy sa lupa—at sana'y nagliliyab na ito! ! Sa akala ba ninyo'y dumating ako para magbigay ng kapayapaan sa lupa? Hindi, sinasabi ko sa inyo, kundi paghihiwa-hiwalay!

Pagtatabas

Paano si Jesus, Prinsipe ng Kapayapaan, magbibigay sa lupa ng paghihiwa-hiwalay? Ano kaya ang nais Niyang gawin?

Pagsasaayos

Sa unang tingin, tila salungat ang pahayag ni Jesus sa ating inaasahan. Hindi ba't Siya ang Prinsipe ng Kapayapaan? Ngunit ang kapayapaan na dulot Niya ay may kasamang katotohanan, katarungan, at paninindigan—kaya't maaaring magdulot ito ng tensyon.

Maaaring humantong sa hindi pagkakaunawaan, ang pagsunod kay Jesus lalo na kung taliwas ito sa kagustuhan ng mahal sa buhay. Halimbawa, ang anak na nais mag madre o magpari, maaaring salungatin ng magulang. Maaaring layuan ng kaibigan ang tumatanggi sa kasinungalingan. Sa ganitong mga sandali, nag papalinaw at nagtutulak sa atin na pumili ng tama—kahit masakit, ang apoy ni Jesus.

Pagdiriwang

Ama, nawa, dumami ang sumunod at unahin si Jesus. Marami ang gagawin sa pagpapatuloy ng misyon ni Jesus na palaganapin ang pananampalataya sa Inyo sa mundo. Hinihiling ko po ang inyong gabay.

Biyernes
OKTUBRE **23**



IKA-29 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian / Puti)

San Juan ng Capistrano

Salmo 24:1-2, 3-4ab, 5-6
*Panginoon, ang bayan mo
ay dumudulong sa iyo.*

Unang Pagbasa: Efeso 4:1-6

Hinihingi ko sa inyo, ako na bilanggo alang-alang sa Panginoon, na kumilos kayo nang nararapat sa pagtawag sa inyo. Makita nawang lagi sa inyo ang kababaang-loob, kaamuan at malawak na pang-unawa.

Pagtiisan ninyo ang isa't isa sa pag-ibig at sikaping panatiliin ang pagkakaisa ng Espiritu sa buklod ng kapayapaan: iisang katawan at iisang espiritu dahil sa pagkatawag sa inyo; tinawag kayo sa iisang pag-asa. Iisang Panginoon, iisang pananampalataya, iisang binyag; iisang Diyos at Ama ng lahat, na nakapangyayari sa lahat at gumagawa sa lahat, at nasa lahat.

Ebanghelyo: Lucas 12:54-59

Sinabi rin ni Jesus sa mga tao: "Kapag nakita ninyong tumataas ang ulap sa kanluran, kaagad ninyong sinasabi, 'Uulan,' at ganoon nga ang nangyayari. At kung umiihip naman ang hangin galing timog, sinasabi ninyong 'Magiging napakainit,' at nangyayari nga ito. Mga mapagkunwari! Nabibigyan ninyo ng kahulugan ang anyo ng lupa at langit pero bakit hindi ninyo sinusuri kung ano ang panahong ito?"

At bakit hindi kayo mismo ang makapagpasya kung ano ang tama? Sa pagpunta mo sa maykapangyarihan kasama ng kalaban mo, sikapin mong makipag-areglo sa kanya sa daan; baka iharap ka sa hukom, at ibigay ka naman ng hukom sa pulis para ipakulong sa bilangguan. Sinasabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas doon hanggang hindi mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo."

Pagmamasad

Ano ang pinakarapat mong gawin kung mayroon kang hindi nakasundo subalit pumunta siya sa iyo upang makipag ayos. Tanggapin mo ba? Bakit?

Paghahawi

Payo ni Jesus na sa pagpunta sa may kapangyarihan, kasama ang kalaban mo, sikaping makipag-areglo sa kanya sa daan; baka iharap ka sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa pulis, para ipakulong sa bilangguan.

Pagtatabas

Sinusunod mo ba ang payo ni Jesus na sikaping makipag-areglo sa kapwang nakalaban, bago dumating sa hukom ang kaso ninyo?

Pagsasaayos

Mahirap makipag-areglo kapag nasaktan maigi ang nakalaban. Subalit, payo ni Jesus, sikaping makipagsundo, bago lumala ang away, at dumating sa hukom at makulong tayo sa bilangguan. Humingi ka sa Diyos ng lakas ng loob na humingi ng tawad at magtanong paano ka mapapatawad ng kapwa.

Ipanalangin ang kapanatagan at pag-unawa ng kapwang nasaktan. Lalalim ang sama ng loob natin at ng kalaban, kung mahantong sa pagkulong natin sa bilangguan. Maging aral nawa ang pangyayari, upang hindi na maulit ang pagkakamaling nagawa.

Pagdiriwang

Ama, biyayaan Niyo ako ng pusong mapagpakumbaba, upang dagliang makahingi ng tawad sa nasaktan na kapwa, at makabayad o makabawi sa maling nagawa sa kanya.

IKA-29 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)

*Mahal na Birheng Maria /
San Antonio Maria Claret*

Salmo 122:1-2, 3-4ab, 4kd-5

*Masaya tayong papasok
sa tahanan ng Poong Diyos.*



Unang Pagbasa: Efeso 4:7-16*

Ebanghelyo: Lucas 13:1-9

Dumating naman ang ilang tao na nag-balita kay Jesus ng nangyari sa Templo. Ipinapatay nga ni Pilato ang mga taga-Galilea at nahalo ang kanilang dugo sa mga handog nila. Sinabi ni Jesus sa kanila: "Sa akala ba ninyo'y mas makasalanan ang mga taga-Galileang iyon kaysa lahat ng mga taga-Galilea dahil sila ang nagdusa? Hindi. At sinasabi ko sa inyo: kung hindi kayo magbabago, mapapahamak din kayong lahat. Gayon din naman sa namatay na labingwalong taong nabagsakan ng tore sa Siloe, sa akala ba ninyo'y mas may utang sila sa Diyos kaysa lahat ng naninirahan sa Jerusalem? Sinasabi ko: hindi, pero kung hindi kayo magbabago, mapapahamak din kayong lahat."

At sinabi ni Jesus ang talinhagang ito: "May taong may isang puno ng igos sa kanyang ubasan. At pumunta siya para maghanap ng mga bunga pero wala siyang nakita. Kaya sinabi niya sa nag-aalaga ng ubasan: 'Tatlong taon na akong pumaparito sa paghahanap ng mga bunga sa punong-igos na iyan at wala akong nakita. Putulin mo iyan at pampasikip lang sa lupa.' Ngunit sumagot sa kanya ang tauhan: 'Ginoo, pabayaan mo na siya ngayong taon. Maghuhukay ako sa paligid nito at lalagyan ng pataba. Baka sakaling mamunga siya ngunit kung hindi'y saka mo siya putulin.'"

DATE OF ESTABLISHMENT: 1977, Ascension of Our Lord Parish
PARISH FIESTA: San Antonio Maria Claret Parish

Pagmamaisid

Kailangan bang putulin ang isang puno na hindi nagbubunga? Bakit pinakinggan ng may ari ng ubasan ang taong pumigil sa pagputol ng puno ng igos?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga taga-Galilea na hindi mas makasalanan ang ipinapatay ni Pilato, dahil sila ang nagdusa, kaysa ibang taga-Galilea na buhay pa. Dagdag Niya na kung hindi sila magbabago, mapapahamak din silang lahat.

Pagtatabas

Kung isa ako sa sinabihan ni Jesus, ano ang dapat kong gawin?

Pagsasaayos

Pagbabago o pagtalikod sa kasalanan ang payo ni Jesus, upang hindi mapahamak. Pagsisihan ang mga kasalanan at magbagong buhay. Manalangin, upang magawa ito. Maiiwasan ang kasalananang nakagawian na, sa awa ng Diyos.

Maraming pagkakataon ang ibinibigay sa atin ni Jesus, upang hindi tayo mapahamak. Lagi niyang paalala na pagsisihan at talikuran ang kasalanan, para makasama tayo sa Langit sa takdang panahon.

Pagdiriwang

Ama, patuloy Niyo kaming gabayan, upang mapaglabanan ang tukso ng kasalanan at makasunod sa Inyong kalooban.

Lumaganap sa maraming lugar ang inyong pananampalataya sa Diyos at hindi na namin kailangang banggitin pa ito. Sila mismo ang nagsasabi kung paano ninyo kami tinanggap at kung paano ninyo tinalikuran ang mga diyus-diyusan para sa Panginoon. Pinaglilingkuran na nga ninyo ang buhay at tunay na Diyos, at hinihintay magbalik mula sa langit ang muli niyang binuhay na Anak – si Jesus na nagpalaya sa atin mula sa nakaambang kaparusahan.

Ebanghelyo: Mateo 22:34-40

Narinig ng mga Pariseo na napatahimik ni Jesus ang mga Sadduseo, at sumang-ayon sila sa kanya. Kaya sinubukan siya ng isa sa kanila na isang guro ng Batas sa tanong na ito: “Guro, ano ang pinakamahalagang utos ng Batas?”

Sumagot si Jesus: *“Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa at nang buo mong pag-iisip. Ito ang una at pinakamahalagang utos. Ngunit may ikalawa pa na tulad nito: Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nabubuod ang buong Batas at Mga Propeta.”*



“Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa at nang buo mong pag-iisip.”

BIRTHDAY:

Rev. Fr. Anthony Q. Carreon, CMF | Rev. Fr. Jess B. Alesna, O. Carm.

Pagmamaisid

Ano ang pinakamahalagang utos na ibinigay sa iyo galing sa salita ng Diyos?

Paghahawi

Wika ni Jesus: “Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, kaluluwa at pag-iisip.” Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ng iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”

Pagtatabas

Gaano ko natutupad ang dalawang pinakamahalagang utos ng Diyos?

Pagsasaayos

Madaling maalala ang dalawang pinakamahalagang utos na binuo ni Jesus mula sa sampung utos. Kapag buong-buo ang pagmamahal natin sa Diyos, lahat ng gawa at salita natin inaalala natin Siya at inihahandog para sa Kanya.

Ang pagmamahal sa kapwa tulad ng sarili, nakabatay sa pagtingin sa sarili na may dignidad, dahil nilikha tayong kawangis ng Diyos, at lahat tayo magkakapatid sa iisang Ama.

Pagdiriwang

Ama, sa biyaya at awa Ninyo, magagawa namin ang dalawang pinakamahalagang utos N'yo, nawa sa tuwina. Hiling namin ang palagiang gabay N'yo sa amin.

Lunes
OKTUBRE
26



**IKA-30 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 1:1-2, 3, 4 at 6
*Lahat kayong mahal ng D'yos
sa kanya'y dapat sumunod.*

Unang Pagbasa: Efeso 4:32—5:8

Ebanghelyo: Lucas 13:10-17

Nagtuturo siya sa isang sinagoga sa Araw ng Pahinga, at may isang babae roon. Labingwalong taon na siyang may espiritung nagbibigay-sakit; nagkakakandakuba na siya at di makatingala. Pagkakita sa kanya ni Jesus, tinawag siya nito at sinabi: "Babae, lumaya ka sa iyong sakit." Ipinatong nito sa kanya ang mga kamay at agad na nakatayo nang tuwid ang babae at nagpuri sa Diyos.

Nagalit ang pangulo ng sinagoga dahil nagpagaling si Jesus sa Araw ng Pahinga kaya sinabi niya sa mga tao: "May anim na araw para magtrabaho kaya sa mga araw na iyon kayo pumarito para mapagaling, hindi sa Araw ng Pahinga!"

Sinagot siya ng Panginoon: "Mga mapagkunjari, hindi ba kinakalagan ng bawat isa sa inyo ang kanyang baka o asno mula sa sabsaban nito sa Araw ng Pahinga at inilalabas para painumin? At isang babae naman ang narito na anak ni Abraham na labingwalong taon nang iginapos ni Satanas. Di ba siya dapat kalagan sa Araw ng Pahinga?"

Napahiya ang lahat niyang kalaban pagkarinig sa kanya pero nagalak naman ang mga tao sa lahat ng kahanga-hangang ginagawa ni Jesus.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Renie C. Villalino, OAR

Pagmamaisid

May limitasyon ba o piling araw ang paggawa ng mabuti?

Paghahawi

Sinagot ni Jesus ang pangulo ng sinagoga: "Mga mapagkunjari, hindi ba kinakalagan ng bawat isa sa inyo ang kanyang baka o asno mula sa sabsaban nito sa Araw ng Pahinga, at inilalabas para painumin?" Napahiya ang lahat niyang kalaban, pagkarinig sa kanya pero, nagalak ang mga tao sa lahat ng kahanga-hangang ginagawa ni Jesus.

Pagtatabas

Mayroon bang pinipiling araw o sandali sa Araw ng Pahinga?

Pagsasaayos

Sa araw ng Linggo, ang Araw ng Pahinga natin, ang utos ng Diyos, gawing itong banal. Ang paggawa nang mabuti ang nagpapabanal ng isang araw. Kaya, maari o mainam na gawin din ito sa araw ng Linggo. Hindi namimili ng araw ang paggawa ng kabutihan, lalo na kung kailangan ng tao ng kagalingan sa hirap o sakit.

May mga taong kailangan magtrabaho kahit na sa Linggo. Ang gabay ng Simbahan, maari ito, kung yung katungkulang magsimba sa Linggo, magagawa sa nakatakdang oras sa Sabado.

Pagdiriwang

Ama, nawa, bukod sa pagsimba, makagawa kami ng ibang kabutihan upang mapabanal pa ang Linggo, ang Araw ng Pahinga namin. Gawin mo kaming bukas loob sa mabubuting gawa kahit araw ng pahinga.

IKA-30 LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 128:1-2, 3, 4-5

*Mapalad ang sumusunod
na taong may takot sa D'yos.*



Martes

27 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Efeso 5:21-33

Sundin ninyo ang isa't isa alang-alang kay Kristo.

Sundin ng mga babae ang kanilang mga asawa na parang ang Panginoon. Ulo ng babae ang lalaki, kung paanong si Kristo ang ulo ng Iglesya – ang katawan – at siyang tagapagligtas nito. Gaya ng pagsunod ng Iglesya kay Kristo, gayon din naman dapat lubusang sundin ng mga babae ang kanilang mga asawa.

Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyu-inyong asawa, gaya ni Kristo na nagmamahal sa Iglesya at inialay ang sarili dahil sa kanya. Pinabanal niya ito at nilinis sa paghugas ng magkasamang tubig at salita. Ginusto nga niyang maiharap sa kanya ang isang maluwalathing Iglesya na walang bahid, mantsa o iba pang batik, kundi banal at walang dungis. Gayon din naman, dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang mga asawa bilang sariling katawan.

Nagmamahal sa sarili ang nagmamahal sa kanyang asawa. Wala ngang napopoot sa sariling katawan, ngunit pinakakain at inaalaan niya ito.

Ganoon din ang ginagawa ni Kristo sa Iglesya, sapagkat mga bahagi tayo ng kanyang katawan.

Nasusulat: *Sa pagsasaalang-alang dito, iiwan ng lalaki ang ama at ina, at pipisan sa kanyang asawa, at silang dalawa'y magiging iisang laman.* Dakila nga ang lihim na katotohanang ito: si Kristo at ang Iglesya ang tinutukoy ko. Sa maikling salita, mahalin ng bawat lalaki ang kanyang asawa gaya ng sarili, at igalang naman ng babae ang kanyang asawa.

Ebanghelyo: Lucas 13:18-21

Sinabi pa ni Jesus: "Ano ang katulad ng kaharian ng Diyos? Sa ano ito maikukumpara? Tulad ito sa buto ng mustasa na kinuha ng isang tao at itanim sa kanyang hardin: lumaki, naging parang puno at *sumisilong sa kanyang mga sanga ang mga ibon ng langit.*"

At sinabi niya uli: "Sa ano ko ikukumpara ang kaharian ng Diyos? Katulad ito ng lebadura na kinuha ng isang babae at ibinaon sa tatlong takal ng harina hanggang umalsa ang buong masa."

Pagmamasiid

Anong pangyayari ang maaaring ihalintulad sa maliit na buto ng mustasa na lumaking isang punong kahoy?

Paghahawi

Sa talinghaga ni Jesus, sinabi Niya: "katulad nito'y isang buto ng mustasa na itanim ng isang tao sa halaman. Ito'y lumaki hanggang sa maging isang punong kahoy at ang mga ibon ang nagpugad sa sanga nito..."

Pagtatabas

Naglalaan ba tayo ng sandali upang namnamin at pagnilayan ang mga kaganapan sa ating buhay? Tulad ng mga pastol, niluluwalhati at pinupuri ba natin ang mga ito sa Diyos?


Pagsasaayos

Maging gaya rin nawa tayo ng isang buto ng mustasa sa ating pananampalataya, mapalago at mapalalim ito sa pamamagitan ng pag-aaral at pagkilala ng mas malalim ang ating sinasampalatayan. Alalahanin ang mga pangyayari sa ating buhay na nagpalago ng ating pananampalataya.

Isang gawain upang lumago ang pananampalataya ay ang paggawa ng kabutihan sa kapwa. Hindi natatapos ang pananampalataya sa pagsimba sa Linggo. Kailangan gawin natin ito bilang Katoliko, ngunit marami pang dapat gawin, upang makatulong sa paglago at pagpapatibay ng pananampalataya nating lahat.

Pagdiriwang

Ama, patnubayan Niyo kami sa aming pananampalataya, upang maging daan ito nang mas higit naming paglago at pagkilala sa Inyo.



Unang Pagbasa: Efeso 2:19-22

Ngayon nga ay hindi na kayo mga da-yuhan at panauhin, kundi mga kababayan ng mga banal at kasambahay ng Diyos. Sa pundasyon na mga apostol at mga propeta kayo naitayo at si Kristo Jesus mismo ang batong panulok. Sa kanya lumalawak at nabubuo ang buong gusali at nagiging banal na templo sa Panginoon. Sa kanya rin kayo sama-samang ginagawang tahanan ng Diyos sa Espiritu.

Ebanghelyo: Lucas 6:12-16

Nang panahong iyon, umakyat si Jesus sa bundok para manalangin at magpalipas ng magdamag sa pagdarasal sa Diyos. Nang nag-umaga na, tinawag niya ang kanyang mga alagad at pumili siya ng labindalawa sa kanila na tinawag niyang apostol: si Simon na pinangalanan niyang Pedro, si Andres na kapatid nito; si Jaime, si Juan, si Felipe, si Bartolome, si Mateo, si Tomas, si Jaimeng anak ni Alfeo, si Simon na tinataguriang Zelota, si Judas na kamag-anak ni Jaime, at si Judas Iskariote na naging tagapagkanulo.

BIRTHDAY:

Rev. Fr. Reynaldo Percival S. Flores | Rev. Fr. Michael Jayson S. Abao, SC

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Ramon Mikhail Paulo E. Nicdao | Rev. Fr. John Paul S. Adia

Pagmamasisid

Kung napili ka na tuparin ang isang mahalagang gawain paano ka tutugon?

Paghahawi

Tinawag ni Jesus ang Kanyang mga alagad, at mula sa kanila ay pumili Siya ng labindalawa na tinawag Niyang mga apostol.

Pagtatabas

Inaasahan ba natin na tawagin tayo ni Jesus upang maging Kanyang alagad?

Pagsasaayos

Bilang mabubuting mamamayan, nararapat na tumugon tayo sa panawagan ng pamahalaan—lalo na kung ito'y para sa ikabubuti ng nakararami. Ngunit higit sa lahat, bilang mga binyagang Katoliko, tinatawagan tayo ni Jesus na maging Kanyang alagad: maglingkod sa Diyos at sa kapwa, at ipagpatuloy ang Kanyang misyon ng pag-ibig, katotohanan, at kabutihan sa mundo.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming maging mapagkumbabang tutugon sa Inyong tawag nang pagsunod at paglingkod sa Diyos at sa aming kapwa.

IKA-30 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 144:1b, 2, 9-10

*Ang Poon ay papurihan,
siya ang aking sanggalang.*



Huwebes
29 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Efeso 6:10-20

Sa wakas, sa Panginoon kayo kumuha ng lakas, at sa bisa ng Kanyang lakas. Isakbat ninyo ang mga sandata ng Diyos upang malabanan ninyo ang panlilinlang ng diyablo. Sapagkat hindi laman at dugo ang ating mga kalaban, kundi ang mga Pamunuan at Kapangyarihan na mga pinuno ng mundong ito ng dilim; sila ang masasamang espiritung nasa kaitaasan.

Kayat isakbat ninyo ang mga sandata ng Diyos upang sa araw ng kasamaan ay hindi kayo umatras at maging matatag pa rin kayo sa paggamit sa mga ito. Ang katotohanan nawa ang maging sinturon ninyo, kabanalan ang maging baluti ninyo, at ang pagkamasigasig sa Ebanghelyo ng Kapayapaan ang maging sapatos ninyo. Lagi ninyong hawakan ang kalasag ng pananampalataya para patayin ang lahat ng nagliliyab na palaso ng Masama. Isuklob din ninyo ang helmet ng kaligtasan at hawakan ang tabak ng Espiritu, na salita ng Diyos.

Kaya lagi kayong manalangin sa espiritu sa lahat ng inyong pagdarasal at kahilingan. Magbantay kayo sa gabi sa matiyagang pagdalangin alang-alang sa lahat ng banal, at alang-alang din sa akin. Ipanalangin ninyo na sa pagbuka ng aking bibig, maipangaral ko nang walang-takot ang lihim na yaman ng Ebanghelyo. Ako'y embahador na nakakadena alang-alang dito; kaya manalangin kayo na maipahayag ko ito gaya ng nararapat kong gawin.

Ebanghelyo: Lucas 13:31-35

Nang sandaling iyo'y dumating ang ilang Pariseo at binalaan siya: "Umalis ka rito at pumunta sa ibang lugar. Gusto kang ipapatay ni Herodes." Sinabi naman ni Jesus: "Puntahan ninyo ang musang na 'yon at sabihin sa kanya: 'Ngayon at bukas ay nagpapalayas ako ng mga demonyo at nagpapagaling at nasa ikatlong araw ang katapusan ko.' Subalit dapat akong maglakad ngayon, bukas at sa susunod na araw sapagkat hindi bagay na mamatay sa labas ng Jerusalem ang isang propeta.

Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay mo ang mga propeta at binabato ang mga sinugo sa iyo. Gaano kadalas kong ginustong tipunin ang iyong mga anak gaya ng pagyupyop ng inahin sa kanyang mga sisiw pero tumanggi ka nga. Ngayon, iiwanan ang inyong Bahay. Sinasabi ko nga sa inyo na hindi na ninyo ako makikita hanggang di sumasapit ang panahon na sabihin ninyo: *Mapalad ang dumarating sa ngalan ng Panginoon.*"

BIRTHDAY: Rev. Fr. Danilo P. Pajarillaga

Pagmamasisid

Naranasan mo na bang pagbantaan ka ng kapwa sa kabila ng iyong mabuting hangarin?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Nagpapalayas ako ng mga demonyo at nagpapagaling." Sa kabila ng pagbabanta, nanatili Siyang walang pagdududa sa kapangyarihan ng Kanyang Amang nasa langit.

Pagtatabas

Tulad ni Jesus, kakayanin ko bang manatiling manalig sa kapangyarihan ng Ama, sa kabila ng anumang pagbabanta?

Pagsasaayos

Sa kabila ng ating mabuting hangarin nariyan ang pagbabanta at paninira sa pagsunod natin kay Jesus. Hindi tayong manghihina, at buong lakas loob tayong magtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos, dahil kasama natin si Jesus.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, bigyan N'yo kaming mga tagasunod Niyo, nang lakas ng loob at malalim na pagtitiwala sa Inyo, sa pagharap ng mga banta at paninira sa aming buhay paglilingkod.



Biyernes
OKTUBRE **30**



**IKA-30 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 111:1-2, 3-4, 5-6
*Gawa'y napakadakilala
ng Panginoong Lumikha.*

Unang Pagbasa: Filipos 1:1-11

Liham nina Pablo at Timoteo, mga lingkod ni Kristo Jesus, sa lahat ng mga banal kay Kristo Jesus na nasa Filipos na kasama ng kanilang mga obispo at diakono.

Sumainyo ang kagandahang-loob at kapayapaan galing sa Diyos na ating ama at kay Jesucristo.

Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos sa pag-aala sa inyo, at lagi ko kayong ipinagdarasal nang may galak sa pagdarasal ko alang-alang sa inyong lahat, sapagkat tinulungan ninyo ako sa pag-eebanghelyo mula sa unang araw hanggang ngayon. Natitiyak ko ito: siyang nagsimula ng mabuting gawaing ito sa inyo ay magpapaganap nito hanggang sa araw ni Kristo Jesus. Ito ang inaasahan ko para sa inyong lahat nang isama ko kayo sa aking puso; sa aking pagkabilanggo at pagtatanggol at pagpapatibay ng Ebanghelyo, kasali ko kayo sa pagpapalang itong ibinibigay sa akin.

Alam ng Diyos na minamahal ko kayo ng pag-ibig ni Kristo Jesus. Kaya ipinanalangin kong nawa'y lalong umunlad sa inyo ang pag-ibig nang may kaalaman at mabuting pasya.

Sa gayon ninyo malalaman kung ano ang tama upang sapitin ninyong malinis at walang-sala ang araw ni Kristo at magkaroon kayo ng ganap na bunga ng kabanalan sa pamamagitan ni Jesucristo para sa kapurihan ng Diyos.

Ebanghelyo: Lucas 14:1-6

Isang Araw ng Pahinga, pumasok si Jesus sa bahay ng isang pinuno ng mga Pariseo para kumain, at minamanmanan naman nila siya. Nasa harap niya roon ang isang taong minamangas kaya nagtanong si Jesus sa mga guro ng Batas at mga Pariseo: "Puwede bang magpagaling sa Araw ng Pahinga o hindi?" Hindi sila umimik kaya hinawakan ni Jesus ang maysakit, pinagaling ito at saka pinauwi.

Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila: "Kung mahulog sa balon ang anak o ang baka ng isa sa inyo, di ba't agad niya itong iniaahon kahit na Araw ng Pahinga?" At hindi nila siya nasagot.

Pagmamasid

Sa araw ng iyong pahinga, may lumapit sa iyo, upang humingi ng tulong. Tutulungan mo ba?

Paghahawi

Walang pinipiling oras o araw si Jesus upang tulungan ang nangangailangan. Tanong ni Jesus sa mga guro ng Batas at Pariseo: "Puwede bang magpagaling sa Araw ng Pahinga, o hindi?" Hindi sila umiimik, kaya hinawakan ni Jesus ang maysakit, pinagaling ito, at saka pinauwi.

Pagtatabas

Sang-ayon ba tayo kay Jesus na walang pinipiling araw at oras ang pagtulong sa nangangailangan?

Pagsasaayos

Walang oras o araw na pinipili ang pagkakawang-gawa o pagtulong sa kapwa, Pagtugon natin ito sa mga nangangailangan, tulad ng pagtugon ni Jesus sa kanila. Hindi makakahintay ang maysakit na maaring mamatay sa anumang sandali o naghihirap ng labis sa kanilang sakit. Ang nagugutom o nauhaw, kailangan matulungan din kaagad.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa mabuting halimbawa na Inyong ipinakita. Nawa, laging makatugon kami sa pangangailangan ng aming kapwa.

IKa-30 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 42:2, 3, 5kdeg

*Aking kinasasabikan
ang Diyos na nabubuhay.*



Sabado
31 OKTUBRE

Unang Pagbasa: Filipos 1:18b-26

E, ano sa akin kung tapat ang ilan at ang iba nama'y hindi? Kahit papaano, ipinahahayag si Kristo, at ikinagagalak ko ito.

Alam ko na ikabubuti ko ang lahat ng ito at maliligtas ako sa tulong ng inyong mga dasal at ng pamamahala ng Espiritu ni Jesucristo. Inaasahan ko at pinaniniwalaang di ako kailanman mapapahiya; sa halip mananatili akong matapang at luluwalhatiin ko si Kristo sa pamamagitan ng aking sarili, sa buhay man o kamatayan, ngayon at kailanman.

Para sa akin, si Kristo ang buhay, at pakinabang ang kamatayan. Ngunit habang nasa laman ako at buhay, nakikinabang ako sa aking trabaho. Kayat alin ang pipiliin ko? Nagsasalawahan ako: nais kong yumao at makasama si Kristo, sapagkat ito ang pinakamabuti. Ngunit kailangan pa ninyo ang aking pananatili sa laman. Kaya nakatitiyak akong mananatili at didito pa ako kasama ninyong lahat upang umunlad kayo at magalak sa inyong pananampalataya. Sa gayon aapaw ang inyong Kristiyanong kasiyahan dahil sa akin, sa aking muling pagdalaw sa inyo.

Ebanghelyo: Lucas 14:1, 7-11

Isang Araw ng Pahinga, pumasok si Jesus sa bahay ng isang pinuno ng mga Pariseo para kumain, at minamanmanan naman nila siya.

May talinhaga siyang sinabi nang mapuna niyang pinipili ng mga inimbita ang mga unang puwesto: "Kung anyayahan ka sa isang kasalan, huwag kang lumagay sa unang puwesto. Baka may kinumbidang mas importante kaysa iyo, at darating ang kumumbida sa inyong dalawa para sabihing 'Ibigay mo sa kanya ang puwestong ito.' Kaya mapapahiya ka't pupunta sa huling puwesto.

Sa halip, kung anyayahan ka, sa huling puwesto ka pumunta sapagkat pag dating ng kumumbida sa iyo, sasabihin niya sa iyo: 'Kaibigan, lumapit ka pa.' Kaya mapararangalan ka sa harap ng lahat ng inanyayahan. Sapagkat ibababa ang lahat ng nagpapakataas at itataas ang nagpapakababa."

Pagmamaside

Sa isang pagtitipon, na naanyayahan ka, saan ka naupo at bakit iyon ang napili mo?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Kung anyayahan ka sa isang kasalan, huwag kang lumagay sa unang puwesto. Baka may kinumbidang mas importante kaysa iyo, at darating ang kumumbida sa inyong dalawa para sabihing 'Ibigay mo sa kanya ang puwestong ito.' Kaya mapapahiya ka't pupunta sa huling puwesto.

Sapagkat ibababa ang lahat ng nagpapakataas, at itataas ang nagpapakababa."

Pagtatabas

Nangyari na ba sayo o sa kakilala mo ang sinabi ni Jesus na ibababa ang nagpapakataas, at itataas ang nagpapakababa?

Pagsasaayos

Sa mga dinadaluhan nating pagtitipon nakakaangat man tayo sa buhay o may mataas na katungkulan, maging mapagkumbaba at huwag maghangad ng pagkilala.

Bilang tao o lingkod ng simbahan, may mataas na katungkulan, o wala, maging mapagkumbaba tayo sa ating pagkilos at pananalita, upang hindi maranasan ang pagbababa sa nagpapakataas.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming laging maalala na maglingkod sa kapwa nang may pagpapakumbaba.